

Ang mga Mag-anak ay Walang Hanggan

*“At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak,
at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang” (Malakias 4:6).*





Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sacrament Meeting

Mahal naming mga Primary Presidency at Music Leader,

Ngayong taon sa Primary magkakaroon tayo ng magandang pagkakataong tulungan ang bawat bata na maunawaan ang kahalagahan ng mga pamilya sa plano ng ating Ama sa Langit. Malalaman ng mga bata na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos, na ang pamilya ang sentro sa plano ng Diyos, at na sa pamamagitan ng mga sagradong ordenansa sa templo ang mga pamilya ay maaaring magkasama-sama magpasawalang-hanggan. Ang mga aral sa oras ng pagbabahagi ay sumusuporta sa natututuhan at ipinamumuhay ng mga bata sa sarili nilang tahanan. Ang mga doktrinang natututuhan nila ay magpapatatag sa kanilang pamilya ngayon at tutulong sa mga bata na maghandang maging tapat na mga ina at ama sa hinaharap. Bawat linggo kapag mapanalangin kayong naghanda at inanyayahan ninyo ang Espiritu, ang mga katotohanan ng ebanghelyo ay pagtitibayin sa puso ng mga bata. Humanap ng mga pagkakataong maibahagi ng mga bata sa kanilang pamilya ang natututuhan at nadarama nila sa Primary.

Bilang Primary presidency ipinagdarasal namin kayo at alam namin na tutulungan kayo ng Panginoon sa inyong mahahalagang responsibilidad. Ang tapat na mga pagsisikap ninyong turuan at paglingkuran ang mga bata at kanilang pamilya ay magpapatatag sa kanila. Mahal namin kayo at labis naming pinasasalamatan ang inyong tapat na paglilingkod.

Ang Primary General Presidency

Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi

Pagtuturo ng Ebanghelyo

Gamitin ang buklet na ito sa paghahandang magturo ng 15-minutong aralin linggu-linggo sa oras ng pagbabahagi. Madaragdagan ninyo ang mga lingguhang aralin ng iba pang mga materyal na inaprubahan ng Simbahan, tulad ng *Friend* o ng *Liahona*. Ang sumusunod na mga gabay ay tutulungan kayong magplano at maglahad ng mga aralin.

Mahalin ang mga Tinuturuan Ninyo. Ipakita ang pagmamahal ninyo sa mga bata sa pamamagitan ng pag-alam sa kanilang mga pangalan at mga kinawiwilihan, talento, at pangangailangan.

Ituro ang Doktrina sa Pamamagitan ng Espiritu. Kapag naghanda kayo ng mga aralin, humiling ng patnubay sa panalangin at sikaping mapalakas ang inyong patotoo tungkol sa mga alituntuning ituturo ninyo. Tutulungan kayo nitong magturo sa pamamagitan ng Espiritu.

Maghikayat ng Pagkatuto. Ang buklet na ito ay ginawa para tulungan kayong malaman hindi lamang *kung ano* ang ituturo kundi maging *kung paano* magturo at maghikayat ng pagkatuto. Mas epektibo ninyong maituturo ang doktrina kapag ginawa ninyo ang sumusunod na tatlong bagay sa bawat aralin:

1. Tukuyin ang doktrina. Malinaw na ipabatid ang doktrinang matututuhan ng mga bata. Pag-isipan ang mga paraan para masabi ito at maipakita. (Para sa ilang halimbawa, tingnan ang mga aralin para sa ikatlong linggo ng Agosto at ikalawang linggo ng Nobyembre.)

2. Maghikayat ng pag-unawa. Tiyaking higit na maunawaan ng mga bata ang doktrina sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo na makakabahagi sila sa pag-aaral, tulad ng pagkanta ng mga awitin, pagdudula-dulaan, at pagbabasa ng mga banal na kasulatan.
3. Maghikayat ng pagsasabuhay. Bigyan ang mga bata ng mga pagkakataong ipamuhay ang doktrina. Pag-isipan kung paano sila magpapahayag ng damdamin o magtatakda ng mithiin na nauugnay sa doktrina.

Bawat linggo, magplano ng mga paraan para (1) tukuyin ang doktrina, (2) maipaunawa ito sa mga bata, at (3) tulungan silang maipamuhay ito.

Ang buklet na ito ay naglalaan ng kumpletong mga aralin para sa ilan sa mga linggo ng buong taon. May mga ideya, ngunit hindi kumpletong mga aralin, para sa iba pang mga linggo. Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang iyon.

Makakakuha kayo ng mga

ideya sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba pang mga aralin sa buklet na ito. Kapag may ikalimang Linggo, gamitin ang oras na ito para repasuhin ang nakaraang mga aralin. Magagabayan kayo ng Espiritu sa pagpapalano at paghahanda ng mga aktibidad para sa mga aralin.

Makipagtulungan sa music leader sa paghahanda ng inyong mga aralin. Ang pagkanta ng mga awitin ay magpapatibay sa mga doktrinang inyong itinuturo. Paminsan-minsan maaari kayong magpatulong sa mga guro at sa kanilang mga klase sa mga bahagi ng pagtuturo ng ebanghelyo.

Iminumungkahi sa ilang aralin na anyayahang maki-lahok ang mga panauhing tagapagsalita sa Primary.

Makukuha online: Ang impormasyon, mga visual, at mga sangguniang ginamit na reperensya sa buklet na ito ay makukuha online sa Primary section ng LDS.org.

Dapat kayong humingi ng pahintulot sa inyong bishop o branch president bago anyayahang makilahok ang mga taong ito.

Nakalakip sa mga aralin ang ilang tip sa pagtuturo na tutulong sa inyo na mapahusay ang kakayahan ninyong magturo. Kasama rin sa mga aralin ang mga larawang magpapakita sa inyo kung ano ang hitsura ng aktibidad. Bagama't mahalagang magkaroon ng mga kasanayan sa pagtuturo, sarili ninyong espirituwal na paghahanda at patotoo ang mag-aanyaya sa Espiritu na pagtibatayin ang mga doktrinang ito sa puso ng mga bata.

Oras ng Kantahan

Ang musika sa Primary ay dapat maghikayat ng pagpipitagan, magturo ng ebanghelyo, at magpadama

sa mga bata ng impluwensya ng Espiritu Santo at ng galak na nagmumula sa pagkanta. Isang 20-minutong yugto ng oras ng pagbabahagi ang dapat ilaan sa pagkanta at pagtuturo ng musika. Tiyak na sapat ang oras ninyo para maituro ang bagong kanta at matulungan ang mga bata na masiyahan sa pagkanta.

Kasama sa buklet na ito ang isang bagong kanta na pag-aaralan ng mga bata ngayong taon (tingnan sa mga pahina 28–29). May isang bahagi rin dito na pinamagatang “Paano Gumamit ng Musika sa Primary,” na may karagdagang mga ideya sa pagtuturo ng mga awitin sa mga bata (tingnan sa mga pahina 26–27).



Paghahanda: Manalangin na patnubayan kayo at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang naghahanda kayo ng inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtibatayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo. (Tingnan sa PWHDT, 15.)

Mga Patnubay sa Pagtatanghal sa Sacrament Meeting

Sa pamamahala ng bishop o branch president, magtatanghal sa sacrament meeting ang mga bata sa ikaapat na kwarter ng taon. Kausapin ang tagapayo sa bishopric o branch presidency na namamahala sa Primary sa mga unang buwan ng taon para talakayin ang mga paunang plano. Hingin ang kanyang pahintulot kapag tapos na ang mga plano.

Planuhing maitanghal ng mga bata ang programa ayon sa mga buwanang tema sa oras ng pagbabahagi. Sa buong taon, itala ang mga pananalita at personal na karanasan ng mga bata na posibleng magamit sa pagtatanghal. Habang nagpapalano kayong ipabahagi

sa mga bata ang natutuhan nila sa tema ngayong taon, mag-isip ng mga paraan na matutulungan nilang magtuon ang kongregasyon sa mga doktrina ng ebanghelyo na itinuturo nila. Maaaring tapusin ng isang miyembro ng bishopric ang miting sa maikling mensahe.

Habang inihahanda ninyo ang pagtatanghal, tandaan ang sumusunod na mga patnubay:

- Hindi dapat magamit sa mga praktis ang oras ng klase o pamilya kung hindi kailangan.
- Ang mga visual, costume, at media presentation ay hindi angkop sa sacrament meeting.



Mga Sangguniang Ginamit sa Buklet na Ito

Ang sumusunod na mga daglat ay ginamit sa buong buklet:

AAP Aklat ng mga Awit Pambata

ASE Aklat ng Sining ng Ebanghelyo

PWHDT Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin

Maraming aralin ang may mga mungkahi sa paggamit ng mga larawan. Makikita ninyo ang mga larawan sa Aklat ng Sining ng Ebanghelyo, mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary, at mga magasin ng Simbahan at online sa images.lds.org.

Kurikulum para sa 2014

Pangkalahatang Kurikulum

Nursery: Masdan ang *Inyong mga Musmos*; Mga Sunbeam: Primarya 1; PAT 4–7: Primarya 2; Valiant 8–11: Primarya 6

Pangunahing Kurikulum

Mga Sunbeam: Primarya 1; PAT 4–7: Primarya 2; Valiant 8–11: Primarya 4

Mga Sanggunian:

Makakakita kayo ng karagdagang mga sanggunian sa pagtuturo tulad ng mga pahinang kukulayan, mga kuwento, at mga aktibidad sa Friend, Liahona, manwal ng nursery, at Aklat ng Sining ng Ebanghelyo. Gamitin ang mga sangguniang ito para maragdagan ang inyong mga aralin. Maghanap din ng isang listahan ng mga sanggunian tungkol sa partikular na mga paksa ng ebanghelyo mula sa Friend sa friend.lds.org. Ang mga sangguniang ito ay maaaring i-print at gamitin sa pagtuturo sa mga bata.

Awitin: “Isinugo, Kanyang Anak”

(AAP, 20–21)

Ang mga tulong sa musika at mga mung-kahi kung paano ituro ang mga awitin sa outline na ito ay matatagpuan sa mga pahina 26–27.

Mag-anyaya ng pakikibahagi: Nadarama ng mga bata na mahalaga sila kapag nakibahagi sila sa pag-aaral. Kapag maaari, pasulatin ang mga bata sa pisara o pabasahin sila sa mga banal na kasulatan sa halip na kayo ang gumawa nito.

Ang Ama sa Langit ay Naghanda ng Paraan para Makabalik Ako sa Kanyang Piling

“Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan” (Juan 3:16).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”

Linggo 1: Ako ay anak ng Diyos at maaaring maging katulad Niya balang-araw.

Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa (pagtingin sa mga larawan, pagkanta ng isang awitin, at pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan): Magpakita ng ilang larawan ng mga anak ng hayop sa mga bata at tanungin sila kung ano ang kauuwian ng bawat hayop (halimbawa, magiging pusa ang kuting). Magpakita ng larawan ng isang sanggol at muling itanong iyon. Ipaliwanag na may isang espesyal na bagay tungkol sa sanggol na anak ng tao na kakaiba sa mga anak ng hayop. Anyayahan ang mga bata na pakinggan kung kaninong anak tayo habang sabay-sabay ninyong kinakanta ang “Ako ay Anak ng Diyos” (AAP, 2–3). Ipabasa sa isang bata ang Mga Awit 82:6, at talakayin kung

ano ang itinuturo ng awitin at talata. Isulat sa pisara ang “Ako ay anak ng Diyos at maaaring maging katulad Niya balang-araw,” at ipabasa ito nang malakas sa isang bata.

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagbabahagi): Ipabahagi sa ilang bata kung paano nila nadarama na mahal sila ng kanilang magulang. Ipaliwanag na nais ng Ama sa Langit na madama rin natin na mahal Niya tayo. Ibahagi kung paano ninyo nadarama na mahal kayo ng Diyos, at ipabahagi sa ilang bata kung paano nila nadarama na mahal Niya sila. Hilingin sa mga bata na pakinggan kung ano ang bumubulong sa atin na mahal Niya tayo habang sabay-sabay ninyong kinakanta ang “Aking Ama’y Buhay” (AAP, 8).

Linggo 2: Ang Ama sa Langit ay naglaan ng isang Tagapagligtas at gumawa ng paraan para makabalik ako sa Kanyang piling.



Maghikayat ng pag-unawa (pagtalakay sa Pagbabayad-sala): Gumuhit ng isang tuwid na landas sa pisara na nagtatapos sa isang lugar na may label na “Buhay na Walang Hanggan sa Piling ng

Ating Ama sa Langit.” Maglagay ng larawan ng isang tao sa simula ng landas. Ipaliwanag na ang larawan ay kumakatawan sa ating lahat at na kailangan nating tahakin ang landas para makabalik sa Ama sa Langit. Sabihin sa mga bata na hindi tayo makakabalik sa Ama sa Langit nang mag-isa. Burahin ang isang bahagi ng landas, at itanong, “Ano ang makakatulong sa atin na magpatuloy sa landas?” Ipabasa o ipabigkas sa isang bata ang ikatlong saligan ng pananampalataya. Magpakita ng isang larawan ni Cristo sa Getsemani, at ipaliwanag nang maikli ang Pagbabayad-sala. Sabihin sa mga bata na ang Pagbabayad-sala ni Cristo ay parang tulay na tutulong sa atin na makabalik sa Ama sa Langit; kung magsisipi tayo at susundin natin ang mga utos, muli natin Siyang makakapiling. Magdrowing ng isang tulay sa pisara, at ilipat ang larawan ng tao sa dulo ng landas. Ipabahagi sa ilang bata ang nadarama nila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Kung may oras pa, kantahin ang “Sa Langit Ako’y Nanirahan” (Liahona, Oktubre 2010, loob ng pabalat sa likuran).

Linggo 3: Si Jesucristo ang perpektong halimbawa na tutularan ko.

Tukuyin ang doktrina (pagtalakay sa mga halimbawa): Itanong, “Sino ang nagpakita ng magandang halimbawa para sa atin?” Isulat o ipasulat sa isang bata ang mga sagot sa pisara, kabilang na si Jesucristo. Ipaliwanag na lahat ng taong ito ay nagpakita ng magagandang halimbawa para sa atin,

ngunit si Jesus lamang ang nagpakita ng pinakamabuting halimbawa. Sabihin sa mga bata na Siya ay “naglibot na gumagawa ng mabuti” (Mga Gawa 10:38) at ipinakita Niya ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa, at nais Niyang tularan natin ang Kanyang halimbawa.

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa mga kuwento at pagdodrawing ng mga larawan*): Bago mag-Primary, papuntahin ang apat na adult na handang talakayin nang maikli ang isa sa sumusunod na mga larawan at talata sa banal na kasulatan at kung paano natin matutularan ang halimbawa ni Jesus.



Juan 13:14–15



Mateo 5:1–2



Lucas 15:4



3 Nephi 17:1–10

Ang mga guro ng klase ay maaaring mamuno sa maliliit na talakayan ng grupo, maghikayat ng pakikibahagi, at magpanatili ng pagpipitagan.

Hatiin sa apat na grupo ang mga bata, at mag-atas ng isa sa mga adult sa bawat grupo. Hilingin sa mga bata na pakinggang magsalita ang adult tungkol sa Tagapagligtas, at ipadrawing o ipasulat sa kanila sa isang papel kung paano nila matutularan ang halimbawa ni Jesus. Ipabahagi sa isang bata mula sa bawat grupo ang natutuhan nila sa ibang mga bata.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagkanta ng isang awitin*): Kantahin ang “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” (AAP, 40–41). Hilingin sa mga bata na tularan ang halimbawa ni Jesus sa linggong ito at maghandang ireport ang kanilang ginawa sa susunod na linggo.



Linggo 4: Makakabalik ako sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesucristo.


Tukuyin ang doktrina (*pagrerepaso*): Idrawing ang landas mula sa linggo 2 sa pisara. Hilingin sa mga bata na ipaliwanag kung sino ang gumawa ng paraan para makabalik tayo sa Ama sa Langit. Ipareport sa ilang bata kung paano nila tinularan ang halimbawa ni Cristo noong nakaraang linggo. Magpabahagi sa kanila ng iba pang mga paraan na matutularan nila si Jesus (tulad ng pagpapabinyag, pagdarasal, at pagsunod sa mga kautusan). Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot.

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa isang kuwento sa banal na kasulatan*): Ikuwento ang pagtawag ni Jesus sa Kanyang mga Apostol (tingnan sa Mateo

4:18–22), at pasabayin ang mga bata sa mga galaw ninyo. Halimbawa: “Pangingisda ang hanapbuhay nina Pedro at Andres. Isang araw nang ihagis nila ang kanilang mga lambat sa Dagat ng Galilea (*ihagis ang mga lambat*) nakita nila si Jesus ng Nazaret. Narinig nilang sinabi Niya (*ilagay ang kamay sa tainga*), “Magsisunod kayo.” Kahit nasa gitna ng kanilang ginagawa sina Pedro at Andres (*hatakin ang mga lambat*), agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat (*ilaglag ang mga lambat*), at sumunod sa Kanya (*lumakad sa kinatatayuan*). Nasa ibang bangka sina Santiago at Juan at tinatahi ang kanilang mga lambat (*tahin ang mga lambat*). Tinawag sila ni Jesus, kaya iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya (*lumakad sa kinatatayuan*).” Tanungin ang mga bata kung iiwanan nila ang kanilang ginagawa kung sabihin sa kanila ng Tagapagligtas, “Magsisunod kayo.” Pamunuin ang bawat klase sa iba pang mga bata na i-pantomime ang isang aktibidad, tulad ng paglangoy o paglalaro ng mga laruan. Patigilin sila sa kanilang ginagawa at palakarin sila sa kinatatayuan kapag narinig nila ang mga salitang “magsisunod kayo.” Habang ipina-pantomime nila ang bawat aktibidad, itaas ang isang larawan ni Jesucristo at sabihin nang mahina ang, “Magsisunod kayo.”

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagtalakay sa mga halimbawa*): Magpabahagi sa mga bata ng mga paraan na masusunod nila si Jesucristo ngayon. Halimbawa, susundin nila ang pagtawag ng magulang para sa pagdarasal ng pamilya o ang panghihikayat ng isang guro na maging mapitagan.

Tip: Hindi dapat gumanap na Tagapagligtas ang mga bata sa isang pagsasadula.



Magturo ayon sa Espiritu: Manalangin na patnubayan kayo at hangarin ang impluwensya ng Espiritu habang naghahanda kayo ng inyong mga oras ng pagbabahagi. Habang naghahanda kayo at nagtuturo ayon sa Espiritu, pagtitibayin Niya ang katotohanan ng itinuturo ninyo.



Awitin: “Susundin Ko ang Plano ng Diyos”
(AAP, 86–87)

May Plano ang Ama sa Langit para sa Kanyang mga Anak

“O kaydakila ng plano ng ating Diyos!” (2 Nephi 9:13).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”

Linggo 1: May plano ang Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak.

Tukuyin ang doktrina (*pagbigkas ng doktrina*): Papuntahin sa harapan ng silid ang tatlong bata. Ipabigkas sa una, “May plano,” sa pangalawa, “ang Ama sa Langit,” at sa pangatlo, “para sa Kanyang mga anak.” Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata, at patayuin ang bawat grupo at, sa tulong ng tatlong bata bilang mga lider, ipaulit sa kanila ang kanilang bahagi sa pangungusap. Ulitin nang ilang beses, na binibigyan ng pagkakataon ang bawat grupo na bigkasin ang bawat parirala.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagbabasa ng mga banal na kasulatan*): Ipaliwanag na bago tayo isinilang, nabuhay tayo sa piling ng ating mga magulang sa langit; nais ng Ama sa Langit na maging katulad Niya tayo, kaya naglahad Siya ng isang plano. Hatiin sa tatlong bahagi ang pisara at sulatan ang mga ito ng “Buhay Bago Kayo Isinilang,” “Buhay Dito sa Mundo,” at “Kabilang Buhay.” Talakayin nang maikli ang bawat isa (tingnan sa *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggu-*

nian sa Ebanghelyo [2006], 195–98). Hatiin sa maliliit na grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isa o mahigit pa sa sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan: Genesis 1:1; Alma 12:24; Alma 34:32; Alma 40:12; Doktrina at mga Tipan 76:62; Moises 4:2; Abraham 3:22–23. Ipabasa sa bawat grupo ang kanilang talata, ipasabi sa iba pang mga bata kung tungkol saan ang kanilang talata, at isulat ang reperensya sa ilalim ng tamang heading sa pisara.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagdodrawing ng mga larawan*): Bigyan ang bawat bata ng isang papel na nakatupi sa tatlo. Magpadrawing sa kanila ng isang bagay na kumakatawan sa bawat bahagi ng plano ng Diyos (buhay bago kayo isinilang, buhay dito sa mundo, at kabilang buhay). Hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga larawan sa kanilang pamilya sa bahay. Kantahin nang sabay-sabay ang “Susundin Ko ang Plano ng Diyos” (AAP, 86–87).

Linggo 2: Iniutos ng Ama sa Langit kay Jesucristo na likhain ang daigdig bilang tahanan ng Kanyang mga anak.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagtalakay sa mga larawan*): Ipaliwanag na bilang bahagi ng plano ng Ama sa Langit, kinailangan nating lisanin ang Kanyang kinaroroonan, kaya inutusan ng Ama sa Langit si Jesucristo na likhain ang daigdig para sa atin. Magdisplay ng mga larawan ng ilan sa mga nilikha (tulad ng araw, buwan, tubig, mga halaman, at mga hayop) sa paligid ng silid. Pumili ng isang batang

kukuha ng isang larawan at maglalagay nito sa pisara. Talakayin kung bakit mahalaga sa atin ang nilikhang iyon. Magpatuloy hanggang mailagay sa pisara ang lahat ng larawan. Hilingin sa mga bata na pakinggan kung bakit nilikha ang mga bagay na ito habang may bumabasa ng Doktrina at mga Tipan 59:18–19.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagdodrawing ng mga larawan*): Bigyan ng papel ang bawat bata, at ipadrawing sa kanila ang isa sa mga paborito nilang nilikha. Kantahin ang “Ako ay Mahal ng Ama sa Langit” (AAP, 16–17).



Mga Visual: Ang mga bata ay mas nakikibahagi at natututo kapag gumagamit tayo ng mga visual. Isiping gumamit ng iba’t ibang visual, pati na ng mga bagay, drawing sa pisara, wordstrip, mga larawan, at mga puppet (tingnan sa PWHDT, 113–15).



Linggo 3: Ang katawan ko ay nilikha sa larawan ng Diyos.

Tukuyin ang doktrina (pagtingin sa salamin):

Hawakan ang isang salamin sa harap ng ilang bata, at ipalarawan sa kanila ang kanilang nakita (mga mata, tainga, bibig, at iba pa). Ipaliwanag na ang kanilang nakita ay “larawan” ng sarili nila. Sabihin sa mga bata na pakinggan kung kaninong larawan tayo nilikha habang may bumabasa ng Genesis 1:27. Ipaliwanag na ang Diyos ay may mga mata, tainga, bibig, at iba pa, kaya gayon din tayo. (Para sa mga mas bata, isiping ipawagwag o ipahipo sa kanila ang iba’t ibang bahagi ng kanilang katawan habang ipinaliliwanag ninyo na mayroon din ninyong ang Diyos.)



Ang pagtutulong sa mga bata na makilahok ay magbibigay sa kanila ng pagkakataon na aktibong makibahagi sa pag-aaral.

Maghikayat ng pagsasabuhay (paglalaro):

Idrawing o isulat ang tawag sa iba’t ibang bahagi ng katawan sa bawat panig ng isang square block o paper cube. Ipapasa ito sa mga bata sa paligid ng silid habang pinakikilingan o kinakanta nila ang “Ang Diyos sa Akin ay Nagbigay ng Templo” (AAP, 73). Itigil bigla ang tugtog, at sabihin sa batang may hawak ng cube na pagulungin ito. Itanong, “Paano nais ng Ama sa Langit na gamitin o pangalagaan ninyo ang bahaging ito ng inyong katawan?” Magpatuloy habang may oras pa.



Mag-klik dito para sa paper cube.

Linggo 4: Ang kalayaan ay kaloob na pumili para sa aking sarili.

Tukuyin ang doktrina (pagkakita sa isang pakay-aralin):

Magdala ng ilang bagay na mapagpipilian ng mga bata. Halimbawa, maaari kang magdala ng dalawang klase ng prutas, isang bolpen at isang lapis, o dalawang klase ng sapatos. Papiliin ang ilang bata sa mga bagay na dala ninyo. Ipaliwanag na ang kakayahang pumili ay isang kaloob na tinatawag na “kalayaan” at na malaya tayong pumili, ngunit bawat pagpili ay may kaakibat na bunga.

Maghikayat ng pag-unawa (pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan):

Sabihin sa mga bata na noong tayo ay mga espiritu bago tayo isinilang, ginamit natin ang ating kalayaang gumawa ng tamang pagpili; pinili nating lahat na sundin ang plano ng Ama sa Langit. Ipabasa sa isang tao ang 2 Nephi 2:27. Talakayin kung ano ang sinasabi ng talata tungkol sa mga bunga ng pagpiling sundin si Jesucristo o pagpiling huwag Siyang sundin.

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagdudula-dulaan):

Ipasadula sa bawat klase ang isang sitwasyon kung saan magagamit nila ang kanilang kalayaang sundin ang isang utos. (Halimbawa, maisasadula nila ang pagsunod sa kanilang mga magulang o pagpapahiram ng laruan sa isang kaibigan.) Ipatalakay sa ibang mga bata ang mabubuting bunga ng kanilang pagpili.



Paghahanda: Habang nagpaplano kayo ng mga oras ng pagbabahagi, basahin muna ang lahat ng aralin para sa buwang iyan. Pagkatapos ay balansehin ang mga aktibidad na plano ninyong gamitin ayon sa oras na mayroon kayo at sa mga pangangailangan ng inyong Primary. Halimbawa, puwede ninyong kumpletuhan ang kahalati ng mas mahabang aralin sa isang linggo at tapusin ito sa susunod na linggo o ulitin ang mas maiikling aktibidad para matulungang magrebyu ang mga bata.

Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas

"At nakita natin at sinasaksihan na sinugo ng Ama ang Anak upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan"
(I Ni Juan 4:14).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"

Awitin: "Ako ay Namangha"
(Mga Himno, blg. 115)

Linggo 1: Maaari akong magkaroon ng patotoo kay Jesucristo.

Tukuyin ang doktrina (pakikinig sa kuwento):

Ikuwento ang sumusunod: "Noong bata pa si Pangulong James E. Faust, binangungot siya at nagising na umiiyak. Niyakap siya ng kanyang lola, inalò, at sinabing ligtas sila dahil binabantayan sila ni Jesucristo. Payapa siyang nagbalik sa higaan, nakatitiyak na tunay na binabantayan tayo ni Jesus." Sabihin sa mga bata na ang karanasang ito ay nakatulong kay Pangulong Faust na magkaroon ng patotoo kay Jesucristo (tingnan sa "Tumitibay na Patotoo," *Liahona*, Ene. 2001, 69).

Maghikayat ng pag-unawa (paglalaro): Gumawa ng 10 wordstrip na naglalarawan ng mga bagay na makakatulong sa isang tao na magkaroon ng patotoo at ng iba pa na naglalarawan ng mga bagay na hindi makakatulong (makukuha ang mga sample wordstrip sa sharingtime.lds.org). Ilapag sa sahig ang isang mahabang lubid o tali na may 10 buhol. Patayuin ang isang bata sa isang dulo ng lubid at pahawakin ng isang karatulang may nakasaad na, "ng Patotoo kay Jesucristo." Patayuin ang isa pang bata sa kabilang dulo ng lubid na hawak ang karatulang may nakasaad na, "Maaari Akong Magkaroon." Pakuhanin ng isang wordstrip ang isang bata at ipabasa ito sa kanya nang malakas. Kung naglalarawan ito ng isang bagay na makakatulong sa atin na magkaroon ng patotoo, pahakbangin sa susunod na buhol ang batang may hawak ng karatulang "Maaari Akong Magkaroon"; kung hindi ito hahantong sa patotoo, panatilihin ang bata sa kinatatayuan. Ulitin hanggang sa marating ng bata ang kabilang dulo ng lubid. Ipasabi sa lahat ang, "Maaari akong magkaroon ng patotoo kay Jesucristo." Ipaliwanag na patuloy na lalago ang ating patotoo; kapag patuloy nating susundin si Jesucristo at gagawa ng mga tamang pasiya habambuhay, patuloy na titibay ang ating patotoo.



Mag-klik dito para sa mga wordstrip

Linggo 2: Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo maaari akong magsisi at mapatawad sa mga kasalanan ko.

Tukuyin ang doktrina (pagtalakay sa mga banal na kasulatan):

Magpakita ng isang larawan ni Jesucristo sa Getsemani, at pag-aralan sandali ang Pagbabayad-sala (tingnan sa Lucas 22:39–44). Ipabasa sa isang tao ang Doktrina at mga Tipan 19:16, at hilingin sa mga bata na pakinggan kung ano ang kailangan nilang gawin para matamasa ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala.

(magkunwaring patay). Sising-sisi siya sa kanyang mga kasalanan kaya tatlong araw siyang hindi makagalaw

Maghikayat ng pag-unawa (pakikinig sa isang kuwento sa banal na kasulatan):

Magkuwento tungkol kay Nakababatang Alma, at pasabayin ang mga bata sa mga galaw ninyo na naaayon sa kuwento. Narito ang isang halimbawa: "Si Nakababatang Alma ay gumagawa ng mga maling pasiya (magmukhang galit). Tinangka nilang magkakaibigan na wasakin ang Simbahan. Isang araw dumating ang isang anghel para pigilan sila; natakot si Alma (magkunwaring takot). Takot na takot siya kaya bumagsak siya na parang patay



Ang pagdudula-dulaan ay nagbibigay ng pagkakataong makasali ang lahat ng bata.

(huwag gumalaw). Sa huli, naalala niya na nagbayad si Jesucristo, o nagbayad-sala, para sa kanyang mga kasalanan. Nang pag-isipan niya ang ginawa ni Jesus, labis siyang nagalak (*tumalon sa galak*). Nagsisi si Alma at naging dakilang propeta na nagturo sa mga tao tungkol kay Jesucristo” (tingnan sa Alma 36).

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagtalakay):

Talakayin sandali ang sumusunod na mga alituntunin ng pagsisi: (1) tanggapin na nakagawa ako ng mali, (2) malungkot dahil sa kasalanan, (3) magtapat sa Ama sa Langit, (4) itama ang mali, at (5) huwag na itong ulitin.

Linggo 3: Si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, at gayon din ako.

Tukuyin ang doktrina (pagkanta ng isang awitin):

Sabay-sabay na kantahin ang “Si Jesus Ba ay Nagbangon?” (AAP, 45) o “Si Jesus ay Nagbangon” (AAP, 44). Ipaliwanag sa isang bata ang itinuturo ng awitin. Sabihin sa mga bata na dahil si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli, magkakagayon din tayo. Hawakan ang mga banal na kasulatan at ipaliwanag na alam natin na si Cristo ay nabuhay na mag-uli dahil nababasa natin iyon sa mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na kahit hindi pa natin nakikita ang nabuhay na mag-uling si Cristo, nakita na Siya ng iba, at ikinuwento na nila sa atin ang nalalaman nila.

Maghikayat ng pag-unawa (pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita):

Papuntahin ang ilang miyembrong adult sa ward ninyo sa oras ng pagbabahagi at pagampanan ang isa sa sumusunod na mga saksi sa nabuhay na mag-uling si Cristo: Maria Magdalena (tingnan sa Juan 20:1–18), Tomas (tingnan sa Juan 20:19–29), isang lalaki o babaeng Nephita (tingnan sa 3 Nephi 11:1–17; 17), at Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11, 14–17; tingnan din sa D at T 76:22–24). Ipabahagi sa mga miyembro ng ward ang kuwento sa banal na kasulatan at magpatotoo tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo.

Tip: Isipin ang haba ng oras kapag nagplano kayo ng mga oras ng pagbabahagi. Halimbawa, sa aktibidad sa linggo 3, bigyan ng mga dalawang minuto ang bawat panauhing tagapagsalita. Maaari kayong mag-anyaya ng mas kaunting mga panauhing tagapagsalita para magbigyan ng mas mahabang oras ang bawat isa.

Linggo 4: Maipapakita ko ang paggalang sa Tagapagligtas sa pagiging mapitagan.

Maghikayat ng pag-unawa (pagtingin sa mga larawan):

Magpakita ng mga larawan ng mga sagradong lugar, tulad ng Halamanan ng Getsemani, libingan ni Jesus, ang Sagradong Kakayuhan, templo, at meeting-house. Habang ipinapakita ninyo ang bawat larawan, itanong: “Bakit sagrado o espesyal ang lugar na ito? Paano kayo kikilos kung naroon kayo?” Talakayin kung ano ang pagpipitagan at kung paano nagpapakita ng ating pagmamahal at paggalang sa Tagapagligtas ang mapitaganang mga kilos. Ipaliwanag na kapag tayo ay mapitagan, mapapalapit tayo sa Kanya.

Maghikayat ng pagsasabuhay (pag-iisip ng mga halimbawa):

Isulat ang mga salitang “Mapitagan” at “Di-mapitagan” sa pisara. Hatiin sa ilang grupo ang mga bata. Bigyan ng ilang maliliit na papel ang bawat grupo, at ipasulat sa kanila sa bawat papel ang isang bagay na nagpapakita o hindi nagpapakita ng pagpipitagan sa simbahan. Isa-isang ipabasa sa bawat grupo ang nakasulat sa kanilang papel. Pahalu-kipkipin ang mga bata kung ito ay isang mapitaganang halimbawa o ipawagwag ang kanilang mga daliri kung ito ay di-mapitagan. Pagkatapos ay hilingin sa isang miyembro ng grupo na ilagay ang papel sa ilalim ng tamang heading sa pisara.



Mga laro: Ang mga angkop na laro sa Primary ay nakakatulong na mapanatiling mapitagan ang kapaligiran. Ang mga laro ay nagbibigay ng kaibhan sa mga aralin at nagtutulot na makasalamuha ng mga bata ang isa’t isa. Pinatitibay rin nito ang itinuturong alituntunin ng ebanghelyo sa masayang paraan.

Awitin: "Pamilya'y sa D'yos"

(mga pahina 28–29 sa outline na ito)

Tip: Kapag nagturo kayo tungkol sa mga pamilya, maging sensitibo sa sitwasyon ng pamilya ng mga bata sa inyong Primary. Hikayatin ang lahat ng bata na mamuhay nang marapat at maghanda para magkaroon sila ng sarili nilang walang-hanggang pamilya balang araw.



Ang Pamilya ang Sentro sa Plano ng Diyos

"Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at . . . ang mag-anak ang sentro [sa] plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo").

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, "Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?"

Linggo 1: Ang pamilya ang sentro sa plano ng Diyos.

Tukuyin ang doktrina (*paghahanap sa nawawalang mga salita*): Bago magsimula ang Primary, idikit ang mga salitang "pamilya" at "sentro" sa ilalim ng dalawang silya. Isulat sa pisara ang sumusunod: "Ang _____ ang _____ sa plano ng Diyos." Patingnan sa mga bata ang ilalim ng kanilang silya para sa nawawalang mga salita. Anyayahan ang mga batang nakakita ng mga salita na ilagay ang mga ito sa tamang patlang sa pisara. Ipabigkas sa mga bata nang sabay-sabay ang pangungusap.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagtalakay sa mga pamilya at pagkanta ng isang awitin*): Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng *sentro* ay "mahalagang bahagi." Ipataas sa mga bata ang kanilang mga daliri ayon sa dami ng mga miyembro ng kanilang pamilya, at talakayin kung paano naging bahagi ng pamilya ang bawat isa. Kantahin ang "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (AAP, 98).

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagdrowing ng mga larawan*): Pagdrowingin ng malaking bilog ang mga bata at pagkatapos, sa gitna ng kanilang bilog, ipadrowing sa kanila ang larawan ng kanilang pamilya. Hikayatin ang mga bata na iuwi ang kanilang larawan at ituro sa kanilang pamilya na ang pamilya ang sentro sa plano ng Diyos.



Linggo 2: Ang mga magulang ay may mahalagang responsibilidad sa mga pamilya.

Tukuyin ang doktrina (*pagkanta*): Sabihin sa mga bata na isipin ang kanilang paboritong awitin sa Primary. Sabihin sa kanila na pagbilang ninyo ng tatlo dapat silang tumayong lahat at sabay-sabay nilang kantahin ang kanilang awitin. Bumilang ng tatlo at pakantahin sila. Patigilin ang pagkanta, at hilingin sa music leader na pamunuan silang lahat sa pagkanta ng isang awitin. Ituro na kapag walang music leader na kumukumpas sa kanila, malilito sila. Ipaliwanag na magkakaroon din tayo ng kalituhan sa ating tahanan, kung hindi binigyan ng Ama sa Langit ng mahalagang responsibilidad ang mga magulang na pamunuan ang pamilya.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagtalakay sa mga tungkulin ng mga magulang*): Papuntahin sa harapan ang dalawang batang lalaki at dalawang batang babae. Bigyan ang bawat isa ng prop na kumakatawan sa isang miyembro ng pamilya (ama, ina, anak na lalaki, at anak na babae). Tumayo sa tabi ng "ama" at ipaliwanag na responsibilidad ng ama na maging patriarch ng kanyang pamilya at pamunuan sila, tustusan ang kanilang pangangailangan, at protektahan sila. Hingan ang mga bata ng mga halimbawa ng ginagawa ng mga ama para magampanan ang mga tungkuling ito, at hilingin sa "ama" na i-pantomime ang inilalarawan nila. Tumayo sa tabi ng "ina" at ipaliwanag na tungkulin ng ina na arugain at pang-



Ang paggamit ng mga bata sa mga visual demonstration ay nakakakuha ng pansin ng mga bata at inihahanda silang matuto.

lagaan ang pamilya. Hingan ang mga bata ng mga halimbawa ng ginagawa ng mga ina para magampanan ang mga tungkuling ito, at hilingin sa “ina” na i-pantomime ang inilalarawan nila. Sabihin sa mga bata na responsibilidad ng mga magulang na maging mabubuting halimbawa at ituro ang ebanghelyo. Bigyan ng isang bagay ang bawat klase na kumakatawan

sa kung paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang pamilya (halimbawa, mga banal na kasulatan, family home evening manual, o mga larawan ng pamilya na sama-samang kumakain, nagdarasal, o nagtatrabaho). Ipasabi sa isang bata sa bawat klase kung paano magagamit ng mga magulang ang item para tulungan ang kanilang pamilya.

Magpakita ng pagmamahal: Para maipakita ang inyong pagmamahal sa mga tinuturuan ninyo, magbigay ng taos-pusong mga papuri na binabanggit ang nagawa ng bata. Halimbawa, masasabi ninyong, “Salamat sa pagkukuwento mo tungkol sa pamilya ninyo,” sa halip na magbigay ng karaniwang papuring tulad ng “magaling” o “salamat.”

Linggo 3: Responsibilidad ng mga bata na sundin ang kanilang mga magulang.

Tukuyin ang doktrina (*pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan*): Bago mag-Primary, magtago ng isang pirasong papel na may nakasulat na Mga Taga Efeso 6:1. Patayuin ang isang bata, at papuntahin siya sa nakatagong papel. Halimbawa, maaari ninyong sabihing, “Humakbang nang tatlong malalaking hakbang pasulong. Humakbang nang anim na hakbang pakaliwa.” Kapag nakita ng bata ang papel, ipahanap sa lahat ng bata ang talata sa kanilang mga banal na kasulatan, at ipabasa ito nang malakas sa

isang bata. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng “sa Panginoon” ay “sa paggawa ng tama.”

Maghikayat ng pag-unawa (*pagtalakay sa isang kuwento sa banal na kasulatan*): Ikuwento ang pagutos ni Lehi sa kanyang mga anak na kunin ang mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 3–4). Rebyuhin ang kuwento sa pagtatanong ng: “Sino ang mga anak? Sino ang magulang? Ano ang iniutos ng magulang? Madali bang sundin iyon? Ano ang nangyari nang sundin ng mga anak ang kanilang magulang?”

Linggo 4: Maipapakita ko na mahal ko ang bawat miyembro ng aking pamilya.

Maghikayat ng pag-unawa (*paglalaro ng hulaan at pagkanta ng isang awitin*): Magbigay ng mga clue tungkol sa sumusunod na mga miyembro ng pamilya, at hilingin sa mga bata na hipuin ang kanilang ilong kapag alam nila kung sino ang inilalarawan ninyo: ama, ina, kapatid na lalaki, kapatid na babae, lola, lolo, tiya, tiyo, pinsan. Halimbawa, ang mga clue tungkol sa isang tiya ay maaaring: “Babae ako. Kasama kong lumaki ang tatay mo. Nanay ako ng pinsan mo.” Kapag tama ang hula ng mga bata sa miyembro ng pamilya, bigyan ng isang prop ang isang bata para kumatawan sa taong iyon, at patayuin ang bata sa harapan ng silid. Ipaliwanag na maaaring isama o hindi isama ng mga pamilya ang lahat ng miyembrong ito ng pamilya, pero kahit naiiba ang bawat pamilya, may isang bagay na karaniwan sa lahat ng pamilya—pagmamahalan. Kantahin nang sabay-sabay ang “Isang Masayang Pamilya” (AAP, 104).

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagtalakay tungkol sa mga pamilya*): Pahawakan sa isang bata ang larawan ng isang bahay. Ipabanggit sa ilang bata ang mga miyembro ng pamilya na nakatira sa bahay nila at kung paano nila ipinapakita na mahal nila sila. Patayuin ang pangalawang bata malapit sa nauna at pahawakan sa kanya ang larawan ng isang pang bahay. Itanong, “Sino ang may kamag-anak na nakatira sa malapit? Paano ninyo ipinapakita na

mahal ninyo sila?” Sa huli, pahawakan sa pangatlong bata ang larawan ng isang bahay at patayuin siya nang malayo sa dalawa. Itanong, “Mayroon ba sa inyo rito na may mga kamag-anak na nakatira sa malayo?” Talakayin kung paano maipapakita ng mga bata na mahal nila ang mga kamag-anak na iyon. Hikayatin ang mga bata na pumili ng isang paraan na maipapakita nila sa darating na linggo na mahal nila ang mga miyembro ng kanilang pamilya.



Ang mga Pamilya ay Pinagpapala Kapag Sinusunod Nila ang Propeta

“[Alalahanin] ninyo ang mga salitang sinabi nang una ng mga banal na propeta” (II Ni Pedro 3:2).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”

Linggo 1: Nangungusap ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng mga propeta.

Tukuyin ang doktrina (*pagbulong ng isang mensahe*): Ibulong ang “Nangungusap ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng mga propeta” sa tainga ng isang bata. Hilingan siyang ibulong ito sa ibang bata, at magpatuloy hanggang sa marinig ng lahat ng bata ang mensahe. (Sa mas malalaking Primary, isiping gawin ang aktibidad na ito sa maliliit na grupo.) Patayuin ang huling bata at ipaulit sa kanya nang malakas ang mensahe. Ituro na tulad ng paghahatid ng mensahe ng mga bata sa bawat isa, hinihiling ng Diyos na mangusap (o maghatid ng mga mensahe) ang mga propeta para sa Kanya.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagtuturo sa iba*): Magpakita sa mga bata ng larawan ni Noe. Hatiin sa apat na grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga reperensya sa banal na kasula-

tan: Moises 8:20–26; Genesis 6:13–17; Genesis 6:18–22; Genesis 7:7–12. Ipa-basa sa bawat grupo ang mga talatang iniatas sa kanila at pagsalit-salitin sila sa pagkukuwento sa ibang mga bata ng kanilang natutuhan. Itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang nangyari sa mga taong sumunod at sa mga taong hindi sumunod sa mensahe ni Noe (tingnan sa Genesis 7:23). Magpatotoo na nangungusap ang Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta at kung susundin natin sila ay magiging ligtas tayo.



Ang pagtutulot sa mga bata na makilahok ay magbibigay sa kanila ng pagkakataon na aktibong makibahagi sa pag-aaral.

Pag-ulit sa doktrina:

Sa buwang ito matututuhan ng mga bata ang iba't ibang paglalarawan ng mga banal na kasulatan sa doktrina na ang mga pamilya ay pinagpapala kapag sinusunod nila ang propeta. Isiping ipabigkas sa mga bata ang doktrina linggu-linggo.

Linggo 2: Ang mga propeta sa mga banal na kasulatan ay mga halimbawa sa aking pamilya.

Tukuyin ang doktrina (*pagsunod sa mga halimbawa*): Ipalakpak ang isang simpleng ritmo at ipaulit ito sa mga bata, na sinusunod ang halimbawa ninyo. Talakayin ang kahulugan ng halimbawa. Ipaliwanag na ang mga propeta sa mga banal na kasulatan ay mga halimbawang susundin natin.

Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay (*pagbabasa ng mga banal na kasulatan*): Igrupogroupo ang mga bata. Bigyan ng isa sa sumusunod na mga wordstrip ang isang adult sa bawat grupo, at ipabasa sa kanila ang mga talata sa banal na kasulatan na nasa wordstrip nila sa mga bata sa kanilang grupo:

Juan Bautista: D at T 84:27–28 (bininyagan)

Nakababatang Alma: Mosias 27:23–24 (nagsisi)

Josue: Josue 24:15 (naglingkod sa Panginoon)

Haring Benjamin: Mosias 2:17–18 (naglingkod sa kapwa)

Lehi: 1 Nephi 1:5 (nanalangin)

Nephi: 1 Nephi 3:7 (sinunod ang mga kautusan)

Kapatid ni Jared: Eter 3:9 (nanampalataya)

Hilingin sa mga bata na pakinggan kung ano ang ginawa ng propeta para maging isang halimbawa. Pagawin ng isang talata ang bawat grupo tungkol sa kanilang propeta na kakantahin sa tono ng “Prope-ta’y Sundin” (AAP, 58–59), at ipabahagi ang kanilang talata sa ibang mga bata.

Linggo 3: Pagpapalain ang aking pamilya kapag sinunod namin ang propeta.

Tukuyin ang doktrina (*pagsunod sa mga tagubilin*): Maghanda ng wordstrip na nagsasaad ng, “Pagpapalain ang aking pamilya kapag sinunod namin ang propeta,” at itago ito sa silid bago magsimula ang Primary. Pasunurin ang isang bata sa mga tagubilin ninyo para makita niya ang wordstrip. Ipaliwanag na tulad ng pagsunod ng bata sa mga tagubilin ninyo, masusunod

ng ating pamilya ang mga tagubilin ng propeta. Ipa-basa nang sabay-sabay sa mga bata ang wordstrip.

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa mga panauhing tagapagsalita*): Kausapin nang maaga ang ilang pamilya at anyayahan silang pumunta sa Primary at ibahagi kung paano napagpala ang kanilang pamilya sa pagsunod sa propeta.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagkanta at pagtalakay*): Magpakita ng larawan ng kasalukuyang propeta at ipaliwanag na pinamumunuan tayo ng isang propeta ngayon at pagpapalain tayo kapag pinakikingan at sinunod natin siya. Kantahin ang “Susunod Ako” (AAP, 71), na pinapalitan ang unang

lina ng “Pag sinabi ng propeta sa akin.” Tukuyin ang tagubilin at payo ng propeta sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. Ipabahagi sa ilan sa mga bata kung paano pagpapalain ang kanilang pamilya sa pagsunod sa payong ito.

Linggo 4: Nangungusap ang propeta sa atin sa pangkalahatang kumperensya.

Tukuyin ang doktrina (*pagtingin sa mga larawan*): Patayuin ang mga bata kung alam nila kung sino ang namumuno sa Simbahan. Magdisplay ng larawan ng propeta, at itanong sa mga bata kung ano ang pangalan niya. Ipaliwanag na nangungusap ang Diyos sa atin sa pamamagitan niya. Magdisplay ng larawan ng Conference Center. Sabihin sa mga bata na sa oras ng pangkalahatang kumperensya nangungusap ang propeta sa atin mula sa gusaling ito.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagtalakay sa isang kuwento sa banal na kasulatan*): Sabihin sa mga bata na noon pa man ay nangungusap na ang Diyos sa Kanyang mga tao sa pamamagitan ng mga propeta. Magdisplay ng larawan ni Haring Benjamin at isalaysay ang kuwento mula sa Mosias 2:1–8. Ipadula



sa mga bata ang kuwento. Ipaalala sa mga bata na nangusap si Haring Benjamin mula sa isang tore at pagkatapos ay isinulat ang kanyang mensahe para mabasa ito ng lahat. Ipahambing sa mga bata ang kuwento tungkol kay Haring Benjamin sa nangyayari sa pangkalahatang kumperensya ngayon.



Ang paggamit ng mga simpleng props o costume ay makakaganda sa mga aralin sa Primary at makakakuha ng pansin ng mga bata.



Magpakita ng pagmamahal: “Habang nagpapakita tayo ng pagmamahal sa ating mga tinuturuan, lalo silang nagiging handang tumanggap sa Espiritu” (PWHDT, 39). Mag-iibayo ang pagmamahal ninyo sa mga bata kapag inyong ipinagdasal ang bawat isa sa kanila, inalam ang kanilang mga interes at problema, tinawag sila sa pangalan, at pina-kinggan silang mabuti.

Awitin: Awiting pinili ninyo mula sa Aklat ng mga Awit Pambata, Mga Himno, o mga magasin ng Simbahan

Ang mga Ordenansa ng Priesthood at Gawain sa Templo ay Nagpapala sa Aking Pamilya

“Lahat ng mga bagay na inyong talian sa lupa ay tatalian sa langit” (Mateo 18:18).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”


Linggo 1: Pinagpapala at pinapatatag ng mga ordenansa ng priesthood ang aking pamilya.

Tukuyin ang doktrina (pagkanta ng isang awitin):

Hilingin sa mga bata na pakinggan ang isang bagay na nagpapala sa kanilang pamilya habang sabay-sabay ninyong kinakanta ang pangalawang linya ng “Dito ay May Pag-ibig” (AAP, 102–3). Ipaliwanag na ang mga ordenansa ng priesthood ay magpapala at magpapatatag sa lahat ng pamilya.

Maghikayat ng pag-unawa (pagtalakay sa mga larawan):

Igrupu-grupo ang mga bata at bigyan ng larawan ng isang ordenansa ng priesthood ang bawat grupo. Hilingin sa bawat grupo na mag-isip ng ilang clue na tutulong sa iba na mahulaan ang ordenansang nakikita sa kanilang larawan (halimbawa, “Ang ordenansang ito ay ginagawa sa simbahan tuwing Linggo”). Ipabahagi sa bawat grupo ang kanilang mga clue, at pahulaan sa iba pang mga bata kung anong ordenansa ng priesthood ang inilalarawan nila. Kapag tumama ang kanilang hula, talakayin kung paano tayo pinagpapala ng ordenansa, at idispley ang larawan sa pisara.



Maghikayat ng pagsasabuhay (pagbabahagi ng mga karanasan): Ipakausap sa mga bata ang kanilang pamilya sa bahay tungkol sa kung kailan pinagpala at pinatatag ng mga ordenansa ng priesthood ang kanilang buhay.



Turuan ang iba: Kapag ibinabahagi ng mga bata ang natututuhan nila sa Primary sa iba, palalakasin nito ang kanilang pag-unawa at patotoo sa doktrina. Sa buwang ito hinihikayat silang ibahagi ang natutuhan nila sa bahay. Magbibigay ito ng mga pagkakataon para matalakay ang ebanghelyo sa tahanan at mapatatag ang pamilya.

Linggo 2: Dahil sa mga templo magkakasama-sama ang mga pamilya magpakailanman.

Tukuyin ang doktrina (pagkanta ng isang awitin):

Ipakita sa mga bata ang larawan ng templong pinakamalapit sa tirahan ninyo. Ipakanta sa kanila ang unang linya ng “Templo’y Ibig Makita” (AAP, 99). Ituro ang pariralang “Doon ay pupunta,” at hilingin sa mga bata na pakinggan kung bakit nagtutungo sa templo ang mga miyembro ng Simbahan habang sabay-sabay ninyong kinakanta ang pangalawang linya ng awitin. Talakayin ang kanilang mga sagot at bigyang-diin na dahil sa mga ordenansa sa templo maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman.

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagdodrawing ng larawan): Bigyan ng papel ang bawat bata na may simpleng drawing ng isang templo (makukuha sa sharingtime.lds.org). Ipadrawing sa mga bata ang mga miyembro ng kanilang pamilya na magkakahawak-kamay at malapit sa templo. Hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga larawan sa kanilang pamilya sa bahay.



Ang pagpapadrowing sa mga bata ng natutuhan nila ay nagpapatibay sa pag-unawa nila sa doktrina.

Mag-klik dito para sa drawing ng templo

Linggo 3: Makapaghahanda ako ngayon na maging karapat-dapat na makapasok sa templo.

Tukuyin ang doktrina (pagkanta ng isang awitin):

Hilingin sa mga bata na pakinggan kung ano ang kanilang sagradong tungkulin habang kinakanta nila ang unang linya ng “Templo’y Ibig Makita” (AAP, 99). Sabihin sa mga bata na makapaghahanda na sila ngayon para makapasok sa templo kapag mas matanda na sila.


Maghikayat ng pag-unawa (pagtalakay sa pag-kamarapat):

Magpakita ng larawan ng isang templo. Ipaliwanag na dahil ang templo ay banal na lugar, mga karapat-dapat lamang ang maaaring pumasok doon. Sabihin sa mga bata na ang pamumuhay ayon sa mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ay maghahanda sa atin na maging karapat-dapat. Isulat ang ilan sa mga pamantayan sa magkakahiwalay na mga wordstrip. Hatiin sa mga grupo

ang mga bata, at bigyan ng wordstrip ang bawat grupo. Patayuin ang bawat grupo at ipaliwanag sa kanila kung paano sila ihahanda ng pamumuhay ayon sa pamantayang iyon na maging karapat-dapat na pumasok sa templo.

Maghikayat ng pagsasabuhay (paglalaro):

Sa magkakahiwalay na papel, magdrowing ng bibig, mga mata, mga tainga, mga kamay, at mga paa (makukuha ang mga sample drawing sa sharingtime.lds.org). Habang tinutugtog ng piyanista



Mag-klik dito para sa mga sample drawing

ang “Templo’y Ibig Makita,” ipapasa-pasa sa mga bata ang mga drawing. Kapag tumigil ang tugtog, hilingin sa mga batang may hawak ng mga larawan na magsabi ng isang bagay na magagawa nila sa bahaging iyon ng katawan para makapaghandang makapunta sa templo (halimbawa, maaari silang magdasal, magsalita nang marahan, at magsabi ng katotohanan gamit ang kanilang bibig). Ulitin kung may oras pa.

Linggo 4: Iniuugnay ako ng gawain sa family history sa aking mga ninuno.

Maghikayat ng pag-unawa (pagkanta ng isang awitin at pakikinig sa isang kuwento):

Ikuwento ang sumusunod. Tuwing sasabihin mong “kumanta” o “pagkanta,” pakantahin ang lahat ng “Kasaysayan ng Mag-anak” (AAP, 100). Magsimula sa pagkanta ng unang pangungusap lamang, at magdagdag ng isa pang pangungusap sa susunod. “May isang pamilyang mahilig sa musika at pagkanta. Mula sa kanilang family history nalaman nila na mahilig din sa musika at pagkanta ang kanilang mga ninuno na si Mary Jones at ang kanyang mga magulang. Mahal din ng pamilya Jones ang Simbahan. Nabinyagan sila sa bansang Wales at nagpasiyang lumipat sa Utah. Namatay pareho ang mga magulang ni Mary sa paglalakbay, at kahit musmos pa, patuloy na naglakad si Mary patawid ng kapatagan, dala ang kahong yari sa kahoy na puno ng mga himno ng Simbahan



na isinulat ng kanyang ama. Kalaunan ay tinuruan ni Mary ang kanyang mga anak na magustuhan ang pagkanta. Ngayo’y mahilig kumanta ang kanyang mga kaapu-apuhan. Ang mga batang iyon ay nakaugnay kay Mary at alam nila na minana nila ang pagmamahal niya sa Simbahan at hilig sa pagkanta.”

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagkukulay):

Bigyan ang bawat bata ng dalawang papel, na ang isa ay may label na “Ako” at ang isa pa ay may label na “Ninuno Ko.” Ipadrawing sa kanila ang kanilang sarili sa papel na may label na “Ako.” Pagkatapos ay anyayahan silang magpakuwento sa kanilang mga magulang sa bahay tungkol sa isa sa kanilang mga ninuno para maidrowing nila ang ninunong iyon sa isa pang papel.

Mga Awitin: Kapag kumakanta kayo ng mga bata ng isang bagong kanta, kantahin ang isang parirala sa mga bata at ipaulit ito sa kanila. Ulitin sa bawat parirala.

Nagiging Miyembro Tayo ng Simbahan sa Pamamagitan ng Binyag at Kumpirmasyon

“Maliban na ang tao’y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios” (Juan 3:5).

Awitin: “Pagbibinyag”
(AAP, 54–55)

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”

Linggo 1: Naipanumbalik na ang Simbahan ni Jesucristo.

Tukuyin ang doktrina (*pagtingin sa isang larawan*): Magpakita ng larawan ni Propetang Joseph Smith, at ipabahagi sa mga bata ang mga bagay na alam nila tungkol sa kanya. Ipaliwanag na ang Simbahan ni Jesucristo ay ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith.



Kung wala kayo ng mga materyal na kailangan para sa pakay-aralin na inilarawan sa linggo 1, isiping gamitin ang mga materyal na makukuha ninyo.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagtingin sa isang pakay-aralin*): Ipaliwanag na noong narito sa lupa si Jesucristo, inorganisa Niya ang Kanyang Simbahan na may namumunong priesthood at totooong mga doktrina. Magpabanggit sa mga bata ng ilan sa mga turo at katungkulan sa pamumuno sa Simbahan, at sa bawat sagot ay magpalagay sa kanila ng isang block sa mesa para makabuo ng isang gusali. Kapag natapos ang gusali, ipaliwanag na kumakatawan ito sa Simbahan ni Jesucristo. Magpakita ng mga larawan ng pagpapako sa krus at pagkabuhay na mag-uli ni Cristo at ipaliwanag na pagkaraan ng mga pangyayaring ito ay nagsimulang magturo ng mga maling bagay ang mga tao. Gibain ang gusali habang ipinaliliwanag ninyo nang maikli ang Apostasiya. Talakayin ang tungkulin ni Joseph Smith na ipanumbalik ang Simbahan, at ulitin ang mga turo at katungkulan sa pamumuno na binanggit ng mga bata habang muli ninyong binubuo ang gusali. Magpatotoo tungkol sa Panunumbalik ng Simbahan sa pamamagitan ni Joseph Smith.

Linggo 2: Ako ay naging miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng binyag at kumpirmasyon.

Tukuyin ang doktrina (*pagtingin sa mga larawan*): Magkunwaring isa kang reporter. Sabihin sa mga bata, “Welcome sa Good News Network! Nga-yo’y may napakagandang balita ako sa inyo—bawat isa sa inyo ay maaaring maging miyembro ng tunay na Simbahan ni Jesucristo! Ito ay isa sa pinakamahalagang bagay na magagawa ninyo sa inyong buhay. Nagiging miyembro kayo ng Simbahan sa pamamagitan ng binyag (*magpakita ng larawan ng isang batang binibinyagan*) at kumpirmasyon (*magpakita ng larawan ng isang batang kinukumpirma*).”

Maghikayat ng pag-unawa (*pagbabasa ng mga banal na kasulatan*): Igrupu-grupo ang mga bata at bigyan ang bawat grupo ng isa o mahigit pa ng sumusunod na mga tanong at kaukulang mga reperensya sa banal na kasulatan. Ipaisip sa kanila ang kanilang sasabihin kung itanong sa kanila ng reporter ang mga ito. Ipahanap sa kanila ang mga sagot sa kanilang mga banal na kasulatan.

1. Bakit ako kailangang mabinyagan? (Tingnan sa Juan 3:5; Mga Gawa 2:38.)
2. Kailan ako puwedeng mabinyagan? (Tingnan sa D at T 68:27.)

3. Sino ang maaaring magbinyag sa akin? (Tingnan sa D at T 20:73.)
4. Paano ako dapat mabinyagan? (Tingnan sa D at T 20:74.)
5. Ano ang isinasagisag ng binyag? (Tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–5.)
6. Paano ako maghahanda para sa binyag? (Tingnan sa Alma 7:15–16; 19:35.)
7. Ano ang ipinapangako ko sa binyag? (Tingnan sa Mosias 18:10.)
8. Ano ang ipinapangako ko tuwing Linggo kapag tumatanggap ako ng sakramento at pinaninibago ko ang aking mga tipan sa binyag? (Tingnan sa D at T 20:77.)

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagsagot sa mga tanong*): Magkunwaring iniinterbyu ang ilan sa mga bata. Ipareport sa kanila ang natutuhan nila tungkol sa kung paano maging miyembro ng Simbahan.



Linggo 3: Pinapanatag at ginagabayan ako ng Espiritu Santo.

Tukuyin ang doktrina at maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa mga patotoo*): Ipabulong sa mga bata ang, “Pinapanatag at ginagabayan ako ng Espiritu Santo.” Ipabahagi nang maikli sa isang guro ang isang panahon na pinanatag at ginabayan siya ng Espiritu Santo.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagkanta ng isang awitin*): Bigyan ng papel ang bawat bata, at pagsulat sila ng ilang salitang naiisip nila kapag iniisip nila kung paano tayo pinapanatag at ginagabayan

ng Espiritu Santo. Anyayahan ang mga bata na pakikngan ang mga salitang isinulat nila kapag kinanta nila ang isa o dalawang sumusunod na awitin: “Ang Espiritu Santo” (AAP, 56) at “Banal na Espiritu” (*Mga Himno*, blg. 85). Pabilugan sa kanila ang mga salita kapag kinanta nila ang mga ito. Ipabahagi sa mga bata ang mga salitang binilugan nila, at talakayin ang kahulugan ng bawat salita. Maaari din ninyong ipabahagi sa mga bata ang mga salitang hindi nila binilugan. Magpakuwento sa ilang bata kung kailan sila pinanatag o ginabayan ng Espiritu Santo.



Mga banal na kasulatan: Mahalagang matutuhan ng mga bata ang mga katotohanan ng ebanghelyo mula sa mga banal na kasulatan. Tulungan magtuon ng pansin at makinig ang mga bata kapag binabasa ang mga banal na kasulatan. Kahit ang maliliit na bata ay maaaring makinig sa isa o dalawang salita habang binabasa ninyo ang isang talata.

Linggo 4: Malalaman ko ang katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Tukuyin ang doktrina (*pagkilala sa katotohanan mula sa kamalian*): Isulat, sa magkakahiwalay na papel, ang ilang pangungusap na malinaw na tama at ang iba na malinaw na mali (tulad ng “Mainit ang araw,” “Mainit ang yelo,” “Kumikislap ang mga bituin sa gabi,” at “Malamig ang apoy”). Papiliin ang isang bata ng isang babasahin niya nang malakas, at pata-yuin ang mga bata kung tama ang pangungusap at paupuin sila kung ito ay mali. Itanong, “Paano ninyo nalaman?” Ulitin sa bawat papel. Ipaliwanag na ang isa pang paraan para malaman natin na tama ang isang bagay ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Basahin ang Moroni 10:5.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagbabasa ng mga banal na kasulatan*): Ipaliwanag na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman natin ang katotohanan; maaari nating marinig ang tinig ng Espiritu o madama na nangungusap Siya sa ating isipan o puso. Magdisplay ng mga larawan ng ulo (isipan), puso, at tainga (makukuha ang mga sample image sa sharingtime.lds.org). Hatiin sa apat na grupo ang mga bata, at ipabasa nang malakas sa bawat grupo ang isa sa sumusunod na mga talata sa banal na kasulatan bilang isang grupo (tingnan sa “Mga Sabayang Pagbasa,” PWHDT, 216): D at T 11:13, Helaman 5:45, D at T 8:2, Helaman 5:46–47. Habang binabasa ng bawat grupo ang kanilang talata, hilingin sa lahat na ipakita kung aling mga larawan ang akma sa talata sa paglalagay ng kanilang kamay sa kanilang ulo, puso, o mga tainga.



Tulungan ang mga bata na maunawaan na ang nadarama nilang kapayapaan at pagmamahal kapag natututo sila tungkol sa ebanghelyo ay nagmumula sa Espiritu Santo. Tiyaking makalikha kayo ng mapitagang kapaligiran para mangyari ito.



Musika: Magsama ng mga awitin sa Primary sa inyong pagtuturo. Tutulungan nito ang mga bata na matandaan ang naituro sa kanila. “Napakabilis nating makadama at matuto sa pamamagitan ng musika . . . [ng] ilang espirituwal na bagay na napakabagal nating matutuhan kung hindi dahil dito” (Boyd K. Packer, sa PWHDT, 56).

Awitin: “Hanapin si Cristo Habang Bata”
(AAP, 67)

Ang Pagsali sa Makabuluhang mga Aktibidad ay Magpapatatag sa Aking Pamilya

“Ang mga matagumpay na . . . mag-anak ay itinatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisipi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”

Linggo 1: “Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama . . . nang ang inyong [mga mag-anak] ay pagpalain” (3 Nephi 18:21).

Tukuyin ang doktrina (pagtingin sa mga larawan at pagbigkas ng isang talata sa banal na kasulatan): Magpakita ng larawan ni Jesucristo, at sabihin sa mga bata na itinuro Niya na, “Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama . . . nang ang inyong [mga mag-anak] ay pagpalain” (3 Nephi 18:21). Ulitin nang ilang beses ang talatang ito kasama ang mga bata. Magpakita ng larawan ng isang pamilya na nagdarasal, at talakayin ang larawan sa mga bata. Ipaliwanag na sa panalangin ng pamilya, pinasasalamatan natin ang Ama sa Langit para sa ating mga pagpapala at hinihiling sa Kanya na tulungan at pagpalain ang ating pamilya.

Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay (pagkanta at pagbabahagi ng mga ideya): Sabihin ang mga bata na bumuo ng isa o mas marami pang bilog. Kantahin ang “Panalangin ng Mag-anak” (AAP, 101). Magpabahagi sa bawat bata ng isang bagay na maaari niyang pasalamatan o hilingin sa Ama sa Langit sa pagdarasal ng pamilya at pagkatapos ay makipagkapit-bisig sa isa pang bata sa bilog. Kapag



Nananatiling aktibo sa pakikibahagi at pakikinig ang mga bata kapag may mga aktibidad na may aksyon o kilos sa Primary. Iakma ang mga aktibidad sa mga pangangailangan ng inyong Primary.

nagkapit-kapit na ang lahat ng bata, bigyang-diin kung paano napapatibay, pinagpapala, at tumatatag ang mga pamilya sa pagdarasal nila nang sama-sama.

Linggo 2: Ang family home evening ay nagpapatatag sa aking pamilya.

Tukuyin ang doktrina (pag-ulit sa doktrina): Hatiin sa tatlong grupo ang Primary. Ipahawak sa isang bata mula sa bawat grupo ang isa sa sumusunod na props, at patayuin ang mga bata sa grupong iyon at ipaulit nang sabay-sabay sa kanila ang angkop na parirala:



“Ang Family Home Evening”

“ay Nagpapatatag sa Aking”

“Pamilya”

Utusan ang mga bata na magpalitan ng props, at ulitin ang aktibidad hanggang sa masabi ng lahat ng grupo ang bawat parirala.

Maghikayat ng pag-unawa (paglalarawan sa matatag na mga pamilya): Magpakita ng larawan ni Pangulong Joseph F. Smith, at ipaliwanag na noong 1915 pinasimulan niya ang family home evening at

nangako ng “mala-laking pagpapala” sa pagdaraos ng regular na mga family home evening. Magpakita ng larawan ng kasalukuyang propeta at ipaliwanag na halos 100 taon pagkaraan, pinatotohanan pa rin ng ating propeta na ang family home evening ay magpapatatag sa ating pamilya. Ipakatawan sa ilang bata ang mga miyembro ng isang pamilya, at patayuin sila na magkakapit-bisig. Ipahatak sa isa pang bata ang isa sa kanila palayo sa iba pa. Ipaliwanag na ang mga pamilya ay mas matatag kapag nagdaraos sila ng family home evening.



Maghikayat ng pagsasabuhay (pagsasadula ng family home evening): Ipabahagi sa ilang bata kung ano ang gusto nilang gawin para sa kanilang family home evening. Isulat sa pisara ang kanilang mga ideya. Hikayatin ang mga bata na tumulong na magplano at mag-ambag sa sarili nilang family home evening.

Ang pagsasaulo ng mga talata sa banal na kasulatan ay makakatulong sa mga bata na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo. Matutulungan ng Espiritu ang mga bata na maalala ang mga salitang ito sa oras ng pangangailangan habang sila ay nabubuhay.

Linggo 3: Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay nagbibigay ng espirituwal na lakas sa akin at sa aking pamilya.

Tukuyin ang doktrina (pagsagot sa mga tanong):

Hilingin sa mga bata na ibaluktot ang mga kalamnan ng kanilang braso at ipakita ang kanilang pisikal na lakas. Itanong kung ano ang magagawa nila para mas lumakas ang kanilang katawan. Itaas ang inyong mga banal na kasulatan at ipaliwanag na maaaring mas lumakas ang ating espiritu kapag nag-basa tayo ng mga banal na kasulatan. Ipasabi sa mga bata ang “pag-aaral ng banal na kasulatan” tuwing itataas ninyo ang inyong mga banal na kasulatan. Magtanong ng ilang bagay na masasagot ng pariralang ito, tulad ng “Ano ang makakatulong sa akin na mag-isip ng magagandang bagay?” at “Paano ako magkakaroon ng lakas na piliin ang tama?” Itaas ang inyong mga banal na kasulatan pagkatapos ng bawat tanong para makasagot ang mga bata. (Kung dala ng mga bata ang kanilang mga banal na kasulatan sa Primary, ipataas ang sarili nilang mga banal na kasulatan kapag sinabi nila ang “pag-aaral ng banal na kasulatan” bilang sagot sa inyong tanong.)

Maghikayat ng pag-unawa (pagtalakay sa isang kuwento sa banal na kasulatan): Maghanda ng tatlong larawan sa pisara na kakatawan sa mga paraan ng panunukso kay Jesucristo sa Mateo 4:1–11. Sa ilalim ng bawat larawan, isulat ang kaukulang banal na kasulatan (Mateo 4:4, Mateo 4:7, at Mateo 4:10). Ipaliwanag na ginamit ni Jesucristo ang mga banal na kasulatan nang tuksuhin Siya. Basahin nang malakas ang Mateo 4:1–11, na tumitigil matapos basahin ang bawat panunukso para linawin at itanong ang, “Ano ang nagbigay ng espirituwal na lakas



kay Jesus?” Itaas ang inyong mga banal na kasulatan para matulungang sumagot ang mga bata, at ipabasa sa isang bata ang sagot ni Jesucristo mula sa mga banal na kasulatan. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng “nasusulat” ay nagbanggit si Jesus mula sa banal na kasulatan.

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan): Papiliin ang bawat klase ng isang maikling parirala mula sa mga banal na kasulatan na magbibigay sa kanila at sa kanilang pamilya ng espirituwal na lakas at sabay-sabay nila itong isaulo (halimbawa, Lucas 1:37, 1 Nephi 3:7, o D at T 10:5).

Linggo 4: Ang Sabbath ay isang araw ng pahinga at pagsamba.

Tukuyin ang doktrina (pagsasaayos ng mga salita): Bigyan ang bawat klase ng isang sobre na may lamang siyam na papel na bawat isa ay sinulatan ng isa sa sumusunod na mga salita: *Ang Sabbath ay isang araw ng pahinga at pagsamba.* Ipaayos sa kanila ang mga salita sa tamang pagkakasunud-sunod. Talakayin ang kahulugan ng “pahinga” at “pagsamba.” Ulitin nang sabay-sabay ang pangungusap.

Ang Sabbath ay isang araw ng pahinga at pagsamba.

Mag-klik dito para sa mga wordstrip

Maghikayat ng pag-unawa (pagtalakay sa mga banal na kasulatan): Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya sa banal na kasulatan: Exodo 20:8–11; Lucas 23:56; Mosias 18:23; Doktrina at mga Tipan 68:29. Ipaliwanag na nilikha ng Ama sa Langit ang mundo sa loob ng anim na araw (itaas ang anim na daliri sa kamay at iwagwag ang mga ito), pero nagpahinga siya sa ikapitong araw (itaas ang pitong daliri at huwag igalaw ang mga ito), at mula noon ay iniutos Niya sa Kanyang mga anak na magpahinga sa ikapitong araw, o araw ng Sabbath, at panatilihin itong banal. Ipabasa sa apat ng bata ang mga banal na kasulatan na nasa pisara. Hilingin sa mga bata na

pakinggan at tuklasin kung anong alituntunin ang itinaturo. Ituro na ang mga banal na kasulatan ay isinulat sa iba’t ibang panahon sa kasaysayan ng mundo ngunit lahat ng ito ay nagtuturo ng iisang alituntunin. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng panatilihin banal ang araw ng Sabbath ay gumawa ng mga bagay-bagay na maglalapit sa atin sa Ama sa Langit.

Maghikayat ng pagsasabuhay (paglalaro): Isa-isang ipabanggit sa mga bata ang mga araw ng linggo, simula sa araw ng Lunes. Magpamungkahi sa batang bumanggit sa araw ng “Linggo” ng angkop na aktibidad para sa Sabbath. Ulitin kung may oras pa.

Mga banal na kasulatan: Maaaring walang mga banal na kasulatan ang ilang bata. Maaaring hindi pa marunong bumasa ang iba. Mag-isip ng mga paraan para maisali ang lahat ng bata sa pagsasaliksik ninyo sa mga banal na kasulatan. Halimbawa, maaari ninyong isulat sa pisara ang talata at basahin ito nang sabay-sabay o pagamitin ng iisang set ng mga banal na kasulatan ang isang maliit na grupo.

Ang Pamumuhay ayon sa Ebanghelyo ay Nagpapala sa Aking Pamilya

Pag-iiba-iba: Gumamit ng pag-iiba-iba kapag inuulit ninyo nang sabay-sabay ng mga bata ang mga banal na kasulatan o mga pangungusap. Halimbawa, maaaring ipaulit ninyo ang pangungusap nang hiwa-hiwalay sa mga batang lalaki at babae o ipabigkas ito sa kanila nang malakas o mahina.



“Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtititiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”

Linggo 1: Nagpapakita ako ng pasasalamat sa pamamagitan ng pagpapasalamat para sa lahat ng pagpapala sa akin.

Tukuyin ang doktrina (pakikinig sa isang kuwento at pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan): Isalaysay nang maikli ang kuwento tungkol sa sampung ketongin (tingnan sa Lucas 17:11–19). Itanong sa mga bata kung sino sa kuwento ang nagpakita ng pasasalamat. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 59:7, at itanong sa mga bata kung kanino tayo dapat magpakita ng pasasalamat at kung ano ang dapat nating pasalamatan sa Kanya.

Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay (paglalaro): Magdispley ng mga larawan ng mga

pagpapala tulad ng pamilya, mga kaibigan, pagkain, tahanan, ang daigdig, mga hayop, at mga templo. Papikitin ang mga bata at pakantahin ng “Papasalamat sa Ating Ama” (AAP, 15) habang tinatangal ninyo ang isa sa mga larawan. Kapag tapos na sila sa pagkanta, sabihin sa kanila na buksan na ang kanilang mga mata at tingnan kung matutuklasan nila kung aling larawan ang nawawala. Mag-itsa ng beanbag sa isang bata at ipabahagi sa kanya kung paano sila magpapakita ng pasasalamat para sa pagpapalang iyon. Ulitin kung may oras pa.

Linggo 2: Sa paglilingkod sa aking kapwa, ako ay nasa paglilingkod ng Diyos.

Tukuyin ang doktrina (pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan): Isulat sa pisara ang sumusunod na pangungusap: Sa _____ sa aking kapwa, ako ay nasa _____ ng Diyos. Basahin nang sabay-sabay ang Mosias 2:17, at itanong sa mga bata kung anong salita ang ilalagay sa mga puwang (paglilingkod). Ipaulit sa mga bata nang sabay-sabay ang pangungusap.

Maghikayat ng pag-unawa (pakikinig sa isang kuwento): Ikuwento ang sumusunod: “Namatay ang ama ni Pangulong Heber J. Grant noong ang edad niya ay siyam na araw pa lamang. Napakahirap ng kanyang ina at kumikita noon sa pananahi para sa ibang tao. Kung minsan nananahi siya nang napakahabang oras nang walang pahinga kung kaya’t hirap siyang maipedal ang kanyang makina. Madalas gumapang si Heber sa ilalim ng makina para ipedal ang makina para sa kanya. Napakaginaw tuwing taglamig, at ang tanging may-

roon si Heber ay isang manipis at sirang pangginaw para hindi siya ginawin. Inasam niyang magkaroon ng makapal na pangginaw ngunit batid niya na wala man lang silang sapat na perang pambili ng pagkain. Natuwa siya noong kaarawan niya nang regaluhan siya ng kanyang ina ng makapal na pangginaw na tinahi nito. Iyon ang pinakamahalaga niyang pag-aari. Ilang linggo pagkaraan, nakita ni Heber ang isang batang lalaki na nanginginig sa ginaw at naalala niya kung ano ang pakiramdam niyon. Hinubad niya

ang kanyang bagong pangginaw at ibinigay ito sa bata.” Maaari din ninyong ipakita ang video na “The Coat,” na makukuha sa www.mormonchannel.org/the-coat. Talakayin kung paano pinaglingkuran ni Heber ang iba, at ipabahagi sa ilang bata at guro ang mga karanasan nila sa paglilingkod. Talakayin na kapag pinaglingkuran natin ang iba, pinaglilingkuran natin ang Diyos. (Tingnan sa PWHDT, 84–86 para sa mga ideya kung paano magtanong ng mga bagay na makakatulong sa magagandang talakayan.)



Isiping gumamit ng mga bata para mailarawan ang mga kuwentong ibinabahagi ninyo sa Primary.

Linggo 3: Naniniwala kami sa pagiging matapat.

Tukuyin ang doktrina (*pakikinig sa kuwento at pagbigkas ng isang talata sa banal na kasulatan*): Magkuwento tungkol sa isang batang nagkuwento sa isa pang bata tungkol sa kanyang pangangisda at sinosobrahan ang laki ng isdang nahuli niya. Itanong sa mga bata kung ano ang maling ginawa ng bata at kung ano ang dapat niyang ginawa. Anyayahan ang mga bata na mag-isip ng isa sa mga Saligan ng Pananampalataya na makakatulong sa kanila na matandaang magsabi ng totoo. Ulitin nang sabay-sabay ang simula ng ikalabintatlong saligan ng pananampalataya (“Naniniwala kami sa pagiging matapat”).

Linggo 4: Sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo nagpapakita ako ng magandang halimbawa na tutularan ng iba.

Tukuyin ang doktrina (*pagsasadula ng isang kuwento*): Ikuwento ang sumusunod, at anyayahan ang mga bata na isadula ito kasama ninyo: “Nagkakampong kayo ng inyong pamilya sa kabundukan nang dumating ang isang malakas na snowstorm (*manginig sa ginaw*). Hindi ninyo makita ang daan pabalik sa inyong campsite (*ilagay ang kamay sa ibabaw ng mga mata, na naghahanap*). Pagkatapos ay dumating ang tatay ninyo, na nakasuot ng malaki at mabigat na bota (*lumakad sa kinatatayuan*). Sabi niya, ‘Alam ko ang daan! Sumunod kayo sa akin!’ Ang tatay ay nag-iwan ng malalaking bakas ng paa sa snow para sundan ninyo.” Ipaliwanag na tulad ng masusundan natin ang mga bakas ng paa ng tatay, makikita at matutularan ng iba ang magandang halimbawang ipinapakita natin kapag ipinamuhay natin ang ebanghelyo. Pagkasabi ninyo ipaulit sa mga bata ang,


Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagtugon sa mga sitwasyon*): Maglahad ng isang sitwasyon kung saan matutuksong magsinungaling ang mga bata, tulad ng kapag nagtanong ang isang magulang kung sino ang nag-iwan ng mga laruan sa sahig. Patayuin ang mga bata kapag alam nila kung ano ang magagawa nila para maging matapat. Ipabahagi sa ilang bata ang kanilang sagot. Ulitin sa iba’t ibang sitwasyon kapag may oras pa. Hikayatin ang mga bata na isiping, “Naniniwala kami sa pagiging matapat” kapag natutukso silang magsinungaling.

“Sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo nagpapakita ako ng magandang halimbawang tutularan ng iba.”

Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay (*pagbabasa ng isang talata sa banal na kasulatan at pagtalakay sa mga pamantayan*): Ipabasa sa mga bata ang I Kay Timoteo 4:12. Isulat sa magkakahiwalay na papel ang ilang pangungusap mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na sa pakiramdam ninyo ay angkop para sa mga bata, at ilagay ang mga ito sa isang lalagyan. Pabunutin ng isang pangungusap ang isang bata at magpabahagi sa kanya ng personal na karanasan sa pamantayang iyon o magpakuwento kung paano nagpapakita ng magandang halimbawang tutularan ng iba ang pamumuhay ayon sa pamantayang iyon. Ulitin sa iba pang mga pangungusap. Kantahin ang “Nais Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo” (AAP, 72).



Mga kuwento: Ang pagkukuwento ay kumukuha ng pansin ng mga bata at tinutuluhan silang makaugnay sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Pag-aralang mabuti ang mga kuwento upang maibahagi ninyo ang mga ito sa sarili ninyong mga salita nang may damdamin at sigla.



Ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” ay Nanggaling sa Diyos para Tulungan ang Aking Pamilya

“Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos” (Juan 15:11).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungang madama ang Espiritu?”

Linggo 1: Ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” ay nanggaling sa Diyos para tulungan ang aking pamilya.

Tukuyin ang doktrina: Magpakita sa mga bata ng mga larawan ng Sampung Utos at ng mga banal na kasulatan. Itanong, “Saan nanggaling ang mga ito?” Ipaliwanag na nanggaling ang mga ito sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta para tulungan tayong malaman kung ano ang gagawin. Magpakita sa mga bata ng kopya ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” at ipaliwanag na nanggaling ito sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta sa mga huling araw para tulungan ang ating pamilya.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagkanta ng mga awitin*): Ipaliwanag na hindi lahat ng pamilya ay pare-pareho, ngunit bawat pamilya ay mahalaga; nais ng Diyos na lumigaya at makabalik sa Kanya ang lahat ng pamilya. Magbigay ng isang wordstrip na may iba’t ibang pangungusap mula sa pagpapahayag tungkol sa pamilya sa bawat klase. Magpaisip sa mga bata ng isang awiting may kaugnayan sa kanilang pangungusap. Pagsalit-salitin ang mga klase sa pagbabasa nang malakas ng kanilang wordstrip at pamumuno sa iba pang mga bata sa pagkanta ng awiting napili nila. Magpatotoo na ang ating pamilya ay pagpapalain kapag sinunod natin ang mga turo sa pagpapahayag tungkol sa pamilya.

Linggo 2: Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay mahalaga sa plano ng Diyos.

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig at pagsasalaysay ng isang kuwento*): Ikuwento ang tungkol sa pagiging unang tao ni Adan sa lupa. Ipabasa sa isang bata ang Genesis 2:18 habang pinakikinggan ng mga bata kung ano ang sinabi ng Ama sa Langit (“Hindi mabuti na ang lalake ay magisa”). Ipaliwanag na nilikha Niya si Eva, na ikakasal kay Adan. Ipabasa sa isang bata ang Genesis 3:20 habang pinakikinggan ng mga bata kung ano ang tawag ni Adan sa kanyang asawa (si Eva). Pagkatapos ay ipabasa sa isang bata ang Genesis 1:28 habang pinakikinggan nila kung ano ang iniutos ng Ama sa Langit kina Adan at Eva

(“magpakarami,” o magbuo ng pamilya). Ipaliwanag na kung hindi ikinasal sina Adan at Eva, hindi sana nangyari ang plano ng Diyos na makapunta sa lupa ang Kanyang mga anak. Muling ipasalaysay ang kuwento sa ilang bata.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagtingin sa mga larawan*): Ipaliwanag na ang utos ng Ama sa Langit na magpakasal at magbuo ng pamilya ang isang lalaki at isang babae ay mahalaga rin ngayon tulad noong narito sina Adan at Eva sa lupa. Magpakita ng mga larawan ng mga pamilya at ipaturo sa mga bata ang lalaki, ang babae, at ang mga bata.

Linggo 3: Kapag nakasalig ang buhay-pamilya sa mga turo ni Jesucristo, maaari tayong lumigaya.

Tukuyin ang doktrina (*pagtingin sa mga larawan*): Ipahawak sa isang bata ang larawan ng isang pamilya. Itanong kung saan natin dapat itatag (o isalig) ang ating buhay-pamilya para tayo lumigaya. Ipahawak sa isa pang bata ang larawan ni Jesucristo. Ipaliwanag na kapag nakasalig ang buhay-pamilya sa mga turo ni Jesucristo, maaari tayong lumigaya.



Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay

(paglilista): Magdisplay ng larawan ni Jesucristo sa pisara, at isulat ang “Mga Turo ni Jesus” sa ilalim nito. Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga wordstrip at reperensya sa banal na kasulatan: “Tuparin ang mga Utos” (Juan 14:15), “Tulungan ang Kapwa” (Mosias 2:17), at “Mahalin ang Lahat” (Juan 13:34). Ipabasa sa mga bata ang talatang nakaatas

sa kanila at pagkatapos ay talakayin sa kanilang mga grupo ang mga paraan na masusunod nila ang turong iyon ni Jesus sa kanilang pamilya. Ipalagay sa bawat grupo ang kanilang wordstrip sa pisara at sabihin nila sa iba pang mga bata ang natalakay nila. Matapos ibahagi ng bawat grupo ang kanilang mga ideya, talakayin kung paano makakatulong ang pagsunod sa turong iyon ni Jesus para lumigaya ang ating pamilya.



Pag-ulit sa mga

kuwento: Kapag inulit ng mga bata ang kuwentong karirinig lang nila, mas maaalala nila ito.



Tukuyin ang doktrina (pagsali sa isang pakay-aralin): Papuntahin ang apat na bata sa harapan ng klase. Ipahawak sa bawat bata ang dulo ng isang pisi habang hawak naman ninyo ang kabilang dulo ng lahat ng apat na pisi. Sabihin sa mga bata na pagtutungan nilang ikutin ang pisi hanggang sa maging lubid. Ituro na tulad ng magkakasama nilang inikot ang mga pisi para makagawa ng matibay na lubid, ang pagtutungan ay nakapagpapatatag sa pamilya. Ilagay ang bawat isa sa sumusunod na mga salita sa magkakahiwalay na wordstrip: *Ang matagumpay, na mga pamilya, ay nagtutungan.* Idikit ang mga wordstrip sa lubid. Ipabasa nang sabay-sabay ang pangungusap sa mga bata.



Ang matagumpay

na mga Pamilya

ay

Nagtutungan

Ang mga pakay-aralin (object lesson) ay “i[ni]ugnay ang isang hindi nakikitang ideya . . . sa ilang nakikitang bagay na may kaalaman ang [mga bata] at pagkatapos ay gawing pundasyon ang kaalamang iyon” (Boyd K. Packer, sa PWHDT, 216).




Maghikayat ng pag-unawa (dula-dulaan):

Magpakita ng larawan ni Noe, at ikuwento nang maikli kung paano binuo ni Noe ang arka at tinipon ang mga hayop upang makapaghanda para sa baha (tingnan sa Genesis 6–7; Moises 8). Igrupu-grupo ang mga bata, at ipasadula sa bawat grupo ang isang paraan na maaaring magtutungan ang pamilya ni Noe (tulad ng pagkuha ng kahoy para sa arka, paggawa ng arka, at pagtipon ng mga hayop). Pahulaan sa ibang mga bata ang ginagawa nila. Ipaliwanag na nagtagumpay ang pamilya ni Noe dahil nagtutungan sila.

Maghikayat ng pagsasabuhay (pagdodrawing ng mga larawan):

Ipaliwanag na tulad ng pagtutungan ng pamilya ni Noe, mahalagang may pagtutungan sa ating sariling pamilya. Bigyan ng papel at mga krayola ang bawat bata, at ipadrawing sa kanila ang kanilang pamilya na nagtutungan. Anyayahan ang ilang bata na ipakita ang kanilang larawan at ipaliwanag kung paano makakatulong ang paggawa ng idinrowing nila para maging matagumpay ang kanilang pamilya.



Mga banal na kasu-

latan: Ang pagpapabasa sa mga bata mula sa sarili nilang mga banal na kasulatan ay nagpapatibay sa kahalagahan ng banal na kasulatan at nag-aanyaya sa Espiritu. Kung maaari, pamarkahan sa mga bata ang mga talata sa sarili nilang mga banal na kasulatan at basahin nang sabay-sabay ang mga ito pagkatapos.

Ang Pamumuhay ayon sa mga Turo ni Jesucristo ay Nagpapatatag sa Akin at sa Aking Pamilya

“Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”

Linggo 1: “Kung ikaw ay may pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo” (Alma 32:21).

Tukuyin ang doktrina (*pagsasaulo ng isang talata sa banal na kasulatan*): Isulat sa pisara ang “Kung ikaw ay may pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo.” Ipabasa ito nang malakas at sabay-sabay sa mga bata nang ilang beses, at pagkatapos ay burahing lahat maliban sa unang letra ng bawat salita. Muli itong ipabigkas sa mga bata. Isa-isang burahin ang mga letra hanggang sa maisaulo at maulit ng mga bata ang talata.

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa isang kuwento sa banal na kasulatan*): Ipalarawan sa mga bata kung paano nila nalalaman na gabi na. Magpa-


kita ng larawan ni Samuel na Lamanita at ipaliwanag na nagpropesiya siya na sa gabi ng pagsilang ni Jesucristo, lulubog ang araw ngunit hindi magdi-dilim. Ipakuwentong muli sa mga bata ang mga kaganapan sa Helaman 16 at 3 Nephi 1:1–13 (maaari ninyong paghandain nang maaga ang ilang bata para maikuwento ito). Ipabigkas sa mga bata ang banal na kasulatan na isinaulo nila, at itanong sa kanila kung paano nagpakita ng pananampalataya ang nananalig na mga Nephita. Itanong sa mga bata kung ano sa palagay nila ang nangyari sa mga nananalig. Ipabasa sa isang bata ang 3 Nephi 1:15, 19. Patotohanan ang kahalagahan ng pananampalataya.

Linggo 2: Ang panalangin ay mapitagang pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit.

Tukuyin ang doktrina (*pagtukoy sa mga bagay at larawan*): Bago mag-Primary, mangalap o mag-drawing ng mga bagay na ginagamit ng mga tao para makipag-ugnayan (tulad ng liham, telepono, o computer), at itago ang mga drawing sa ilalim ng ilan sa mga silya sa silid ng Primary. Sabihin sa mga bata na kunwari ay malayo sila sa kanilang tahanan at kailangan nilang makaugnayan ang kanilang pamilya. Patingnan ang ilalim ng kanilang silya para sa nakatagong mga larawan, at talakayin kung paano tayo natutulungan nito na makipag-ugnayan sa iba.

Ipaliwanag na nang pumarito tayo sa lupa, nilisan natin ang ating tahanan sa langit, ngunit maaari pa rin tayong makipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit. Itanong sa mga bata, “Paano natin makakaugnayan ang Ama sa Langit?” Magpakita sa mga bata ng ilang larawan ng mga bata at pamilyang nagdarasal. Ipaliwanag na bawat larawan ay nagpapakita ng mapitagang pakikipag-ugnayan—pagdarasal nang may pagmamahal at paggalang—sa Ama sa Langit. Ipasabi sa mga bata, “Ang panalangin ay mapitagang pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit.”

Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay (*aktibidad sa pisara*): Ilista sa pisara ang apat na bahagi ng panalangin. Magpabanggit sa mga bata ng mga bagay na maaari nating pasalamat sa Ama sa Langit at maaari nating hilingin sa Kanya. Ilista sa pisara ang kanilang mga tugon. Hilingin sa mga bata na ipamalas kung paano tayo nagpapakita ng pagpipitagan kapag nagdarasal tayo.



Linggo 3: Ang pagsisisi ay pagbabago ng isipan at puso.

Tukuyin ang doktrina (*pagpapakita ng isang larawan*): Maghanda ng mga wordstrip na sinulatan ng mga salita mula sa pangungusap na “Ang pagsisisi ay pagbabago ng isipan at puso” ang bawat isa. Gamitin ang mga wordstrip para takpan ang larawan ng mga Anti-Nephi-Lehi na ibinabaon ang kanilang mga sandata. Ipatanggal sa ilang bata ang mga wordstrip at ipalagay sa pisara ang mga ito sa tamang pagkakasunud-sunod. Ipabasa nang sabay-sabay ang pangungusap sa mga bata, na gumagamit ng mga galaw para bigyang-diin ang mga salitang *isipan* at *puso*.

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa isang kuwento sa banal na kasulatan*): Sabihin sa mga bata na may isang grupo ng mga tao sa Aklat ni Mormon na nagbago ang puso. Ikuwento ang sumusunod (tingnan sa Alma 24): “Tinuruan ni Ammon ang isang grupo ng mga Lamanita tungkol sa ebanghelyo. Masasamang tao sila noon, ngunit naniwala sila sa

itinuro sa kanila ni Ammon at nagbago ang kanilang puso. Gusto nilang sumapi sa Simbahan, kaya nagsisi sila sa kanilang mga kasalanan, nangakong hindi sila makikipaglaban, at ibinaon ang kanilang mga sandata ng digmaan. Pinalitan nila ang kanilang pangalan at ginawang Anti-Nephi-Lehi at naging masisipag at mabubuti silang tao.”

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagbabangon ng “mga espada” at pagkanta*): Bigyan ng papel ang bawat bata. Magpadrowing sa mga bata ng isang espada at pagkatapos ay isulat sa kanilang espada ang isang maling ginawa nila (tulad ng “pakikipag-away sa kapatid ko” o “pagsisinungaling”). Ipabahagi sa mga bata kung paano nila mapipili ang tama at pagkatapos ay “ibaon” ang kanilang espada sa pamamagitan ng paglukot sa kanilang papel o pagtatapon dito. Kantahin ang “Pagsisisi” (*Liahona*, Oktubre 2004, K16).

Linggo 4: Ang kapatawaran ay naghahatid ng kapayapaan.

Tukuyin ang doktrina (*pagkakita sa isang pakay-aralin*): Itanong sa mga bata kung ano ang magiging pakiramdam nila kung itulak o suntukin sila ng iba. Itaas ang isang malaking bato at sabihin sa mga bata na kumakatawan ito sa mga sama ng loob. Ilagay ang bato sa isang mahabang medyas. Papuntahin ang isang bata sa harapan ng silid, at itali ang medyas sa kanyang bukung-bukong. Palakarin ang bata sa paligid. Talakayin kung paano tayo hihilahin pababa ng pagkikimkim ng mga sama ng loob. Ipaliwanag na kapag pinatawad natin ang mga taong nakasakit sa atin, iwinawaksi natin ang mga sama ng loob na iyon. Ipakalag sa bata ang itinaling medyas. Ipasabi sa mga bata ang, “Ang kapatawaran ay naghahatid ng kapayapaan.”

Maghikayat ng pag-unawa (*pakikinig sa mga kuwento sa banal na kasulatan*): Ilang araw bago ito, paghandain ang mga lider o guro na ibahagi ang isa sa sumusunod na mga kuwento sa banal na kasulatan tungkol sa kapatawaran:

1. Nagpatawad si Jesus habang nakapako sa krus (tingnan sa Lucas 23:13–34).
2. Pinatawad ni Nephi ang kanyang mga kapatid (tingnan sa 1 Nephi 7:6–21).
3. Pinatawad ni Jose ang kanyang mga kapatid (tingnan sa Genesis 37; 41–45).

Hatiin sa tatlong grupo ang mga bata. Papuntahin ang bawat grupo sa ibang bahagi ng silid (tingnan sa “Mga Istasyon,” *PWHD*, 235), kung saan tatalakayin nang maikli ng isang lider o guro ang kuwento sa banal na kasulatan na pinaghandaan niyang ibahagi. Matapos bisitahin ng bawat grupo ang bawat istasyon, kantahin ang unang taludtod ng “Ama, Ako’y Tulungan” (*AAP*, 52).

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagbabahagi ng damdamin*): Ipabahagi sa ilang bata ang isang pagkakataon na natulungan sila ng pagpapatawad na makadama ng kapayapaan.

Mga istasyon: Kung maraming bata sa inyong Primary, isipin na mga lider ang palipatin ng mga istasyon sa halip na ang mga bata.



Maliliit na grupo: Ang pag-anyaya sa mga bata na magbahagi sa maliliit na grupo ay nagbibigay ng pagkakataon sa mas maraming bata na makasali. Sa oras ng pagbabahagi, nakaupo na sa mga grupo ang mga bata sa klase. Ang mga grupong ito ay maaaring magamit para sa mga aktibidad sa maliliit na grupo. Makakatulong ang mga guro sa klase na matiyak ang partisipasyon at mapanatili ang pagpipitagan.

Inaalala at Sinasamba Natin ang Ating Tagapagligtas na si Jesucristo

“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko” (Juan 14:6).

Dagdagan ng ilang sarili ninyong ideya ang mga ideyang narito. Magplano ng mga paraan na matukoy ng mga bata ang doktrina at matulungan sila na maunawaan ito at maipamuhay nila ito. Itanong sa sarili, “Ano ang gagawin ng mga bata para matuto, at paano ko sila matutulungan madama ang Espiritu?”

Linggo 1: Ang sakramento ay isang panahon para alalahanin si Jesucristo.

Maghikayat ng pag-unawa (pagtutugma ng mga talata sa banal na kasulatan sa mga larawan):

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya sa banal na kasulatan: Lucas 2:7; Marcos 10:13, 16; Mateo 26:36, 39; Juan 19:17–18; Juan 20:11–16. Sa paligid ng silid, maglagay ng mga larawang nagpapakita ng mga kaganapang inilarawan sa mga banal na kasulatan (ASE 30, 47, 56, 57, at 59). Sabihin sa mga bata na ang sakramento ay isang panahon para alalahanin kung gaano tayo kamahal ni Jesucristo at ang lahat ng ginawa Niya para sa atin. Ipabasa sa isang bata ang isa sa mga talata sa banal na kasulatan. Hilingin sa isa pang bata na pumili ng kaugnay na larawan at dalhin ito sa harapan ng silid. Ulitin sa iba pang mga talata ng banal na kasulatan.

Maghikayat ng pagsasabuhay (paglalaro ng memory game): Maglagay sa mesa ng mga bagay na tulad ng larawan ni Cristo sa Getsemani, larawan ng Huling Hapunan, isang tinapay, isang sacrament cup, mga sacrament tray, mga banal na kasulatan, at isang himnaryo. Patingnan sandali sa mga bata ang mga



bagay, at pagkatapos ay takpan ang mga ito. Sabihin sa mga bata na maggruppu-grupo para isulat ang mga bagay na naaalala nilang nakita nila. Hayaang ipaliwanag ng mga bata kung paano nakatulong ang bawat bagay para alalahanin nila si Jesucristo sa oras ng sakramento.

Linggo 2: Ang pag-alaala kay Jesucristo ay nakakatulong sa akin na piliin ang tama.

Ang pagkanta tungkol sa isang doktrina ay nakakatulong sa mga bata na matutuhan at maalala ito. Mas natututo rin ang mga bata kung sila ay may makitang visual o gagawa ng aktibidad na sinabayan ng musika. Ang mga mungkahi para sa buwang ito ay nagpapakita ng halimbawa ng ilang iba't ibang paraan ng paggawa nito. Pag-isipan ang mga ideyang kahalintulad ng mga ito sa pagpapalano ninyo ng iba pang mga aralin.



Tukuyin ang doktrina (pakikinig sa mga banal na kasulatan): Papikitin ang mga bata at ipaisip kung ano kaya ang buhay kung lahat ay gumawa ng mga tamang pagpapasiya. Ipabahagi sa ilan ang naisip nila. Sabihin sa kanila na may isang panahon sa Aklat ni Mormon na nangyari ito, at hilingin sa kanila na pakinggan kung paano inilarawan ang panahong ito habang binabasa ng isang bata ang 4 Nephi 1:15, 17. Ipaliwanag na nagawang piliin ng mga tao ang tama dahil naalala nila ang isang bagay na napa-kaespesyal. Muling ikuwento ang mga kaganapan sa 3 Nephi 17:20–25. Ipasabi nang sabay-sabay sa mga bata ang, “Ang pag-alaala kay Jesucristo ay nakakatulong sa akin na piliin ang tama.”

Maghikayat ng pag-unawa at pagsasabuhay (pagkanta ng mga awitin): Takpan ng ilang blangkong papel ang isang larawan ni Cristo na binabasbasan ang mga batang Nephita. Pag-isipin ang mga bata ng mga awiting tumutulong sa kanila na maalala si Jesucristo. Sama-samang kantahin ang ilan sa mga awiting ito. Kasunod ng bawat awitin, ipaalis sa isang bata ang isang papel na nakatakip sa larawan. Ulitin hanggang sa maalis ang lahat ng

papel. Talakayin kung paano nakagawa ng mga tamang pagpapasiya ang mga bata sa larawan dahil sa naranasan nila kay Jesus. Ipaalala sa mga bata na kapag inalala nila si Jesus gugustuhin nilang piliin

ang tama. Magpabanggit sa kanila ng ilang bagay na magagawa nila para alalahanin si Jesus sa kanilang araw-araw na gawain.

Linggo 3: Ang Anak ng Diyos ay isinilang sa lupa.

Tukuyin ang doktrina: Itanong sa mga bata:

“Nakapaghintay na ba kayong mangyari ang isang espesyal na bagay? Para bang napakatagal nitong dumating? Ano ang nadama ninyo nang mangyari na iyon?” Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ibahagi ang kanilang damdamin. Ipaliwanag na simula noong panahon nina Adan at Eva, ipinangako na ng ating Ama sa Langit na mangyayari ang isang napakahalagang kaganapan. Sabik na inasam ng mabubuting tao ang kaganapang ito. Ibulong sa isang maliit na grupo ng mga bata, “Ang Anak ng Diyos ay isinilang sa lupa.” Ipabulong ito sa kanila sa ibang mga bata, at pagkatapos ay ipabulong ito nang sabay-sabay sa lahat ng bata.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagkukuwento at pagkanta ng isang awitin*): Ipabahagi sa mga bata ang nalalaman nila tungkol sa pagsilang ni Jesus (tingnan sa Lucas 2:1–20). Ikuwento ang mga detalyeng hindi nabanggit ng mga bata. Kantahin ang “Nagniningning ang mga Tala” (AAP, 24), at ipaisip sa mga bata kung ano ang nadama ng mga pastol nang marinig nilang kumanta ang mga anghel.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*paggawa ng Christmas card*): Bigyan ng papel at lapis o mga krayola ang bawat bata. Tulungan silang itupi ang papel na parang greeting card. Pagawin sila ng Christmas card para sa kanilang pamilya na idinodrawing ang pagsilang ni Jesucristo. Sa harap, ipasulat sa kanila ang “Ang Anak ng Diyos ay Isinilang sa Lupa.”

Linggo 4: Si Jesucristo ay muling paparito.

Maghikayat ng pag-unawa (*pagbabasa ng mga banal na kasulatan*): Ihanda ang sumusunod na mga wordstrip (makukuha online sa sharingtime.lds.org):

Tanging ang Ama sa Langit ang nakakaalam ng takdang _____ kung kailan muling paparito si Jesus (tingnan sa Joseph Smith—Matthew 1:40).

Si Jesus ay muling bababa mula sa _____ (tingnan sa Mga Gawa 1:11).

Si Jesus ay magsusuot ng _____ kasuotan (tingnan sa D at T 133:48).

Marami ang _____ ng mga bulaang Cristo (tingnan sa Joseph Smith—Matthew 1:22).

Ang masasama ay _____ (tingnan sa D at T 29:9).

Ang araw ay _____ (tingnan sa D at T 45:42).

Pagdating ni Jesus, Siya ay mas maningning pa kaysa sa _____ (tingnan sa D at T 133:49).


Maninirahan si Jesucristo kasama ang mabubuti nang _____ taon sa Kanyang Ikalawang Pagparito (tingnan sa D at T 29:11).

Igrupo-grupo ang mga bata, at bigyan ng isa o dalawang wordstrip ang bawat grupo. Ipahanap sa kanila ang mga salitang angkop sa mga patlang sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Ipabahagi sa bawat grupo ang natutuhan nila sa ibang pang mga bata.

Maghikayat ng pagsasabuhay (*pagkanta at pagbabahagi*): Ipaliwanag na kailangan nating alalahanin at sambahin si Jesucristo araw-araw para maging handa tayo sa Kanyang Ikalawang Pagparito. Magpabanggit sa mga bata ng ilang bagay na magagawa nila at ng kanilang pamilya para maging handa. Kantahin ang “Sa Kanyang Pagbabalik” (AAP, 46).

Magbahagi ng pag-

kaunawa: Madarama ng mga bata ang Espiritu kapag ibinahagi nila ang kanilang pagkaunawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Maibabahagi nila ang kanilang natutuhan gamit ang kanilang mga salita, sining, at awitin.



Magpatotoo: Ang

isang maikling patotoo ay mag-aanyaya sa Espiritu anumang oras ng aralin. Ang mga pormal na salita tulad ng “Nais kong magpatotoo” ay hindi kailangan sa pagpapatotoo sa katotohanan. Ang isang patotoo ay maaaring maging kasing-simple ng, “Alam ko na si Jesucristo ay buhay.”



Paano Gamitin ang Musika sa Primary

Ang layunin ng musika sa Primary ay ituro sa mga bata ang ebanghelyo ni Jesucristo at tulungan silang matutong ipamuhay ito. Ang mga awitin sa Primary ay mas nagpapasaya sa pag-aaral, tumutulong sa mga bata na matutuhan at maalala ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at nag-aanyaya ng Espiritu sa Primary.

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga paraan na maituturo ninyo ang mga awiting iminungkahi sa outline na ito. Magagamit din ninyo ang mga pamamaraang ito para ituro ang iba pang mga awitin sa Primary. Para sa karagdagang mga ideya, tingnan sa mga bahaging “Paano Gamitin ang Musika sa Primary” sa nakaraang mga outline sa oras ng pagbabahagi.

Enero: “Isinugo, Kanyang Anak” (AAP, 20–21)

Iparinig sa mga bata ang awitin. Ipaliwanag na binubuo ito ng mga tanong at sagot. Ipakanta sa kalahati ng mga bata ang mga tanong at sa natirang kalahati ang mga sagot. Matapos itong kantahin nang ilang beses, pagpalitin ng kakantahin ang mga bata.

Kapag alam na alam na nila ang awitin, gumamit ng ibang paraan para mahati sila (halimbawa, mga lalaki at mga babae, mga guro at mga bata, at iba pa) habang pinag-aaralan ninyo ang awitin.

Gumamit ng pag-iiba-iba:

Mag-isip ng iba’t ibang paraan na mauulit ang mga awitin. Lalong higit na natututuhan ng mga bata ang mga awitin kapag naririnig at kinakanta nila ito nang paulit-ulit.

Pebrero: “Susundin Ko ang Plano ng Diyos” (AAP, 86–87)

Sabihin sa mga bata na binigyan tayo ng Diyos ng napakaespesyal na kaloob. Hilingin sa kanila na pakinggan kung ano iyon habang kinakanta ninyo ang unang linya ng awitin (isang plano). Magpakita ng isang mapa, at ihambing ang paggamit ng mapa para mahanap ang patutunguhan sa pagsunod sa plano ng Diyos para makabalik tayo sa Kanya. Ipaliwanag na itinituturo sa atin ng awiting ito ang tungkol sa plano at sinasabi sa atin kung paano tayo makaka-

balik sa piling ng Ama sa Langit. Magdisplay ng mga larawan sa buong silid na nagpapakita ng mahahalagang salita (tulad ng *handog*, *langit*, *dito*, *mundo*, at *buhay*) at ng ilang nakasulat na salita (tulad ng *plano*, *layunin*, *pinili*, at *gabay*) mula sa awitin. Ipakuha ang mga ito sa mga bata at ipataas sa kanila sa tamang pagkakasunud-sunod habang kinakanta ninyo sa kanila ang awitin. Pasabayin sila sa pagkanta ninyo habang nakatingin sila sa mga larawan at salita.

Marso: “Ako ay Namangha,” (Mga Himno, blg. 115)

Hatiin sa apat na grupo ang mga bata. Ibigay sa group 1 ang ASE 116, at kantahin sa kanila ang unang pangungusap ng awitin. Talakayin ito sandali, at pagkatapos ay pasabayin sila nang ilang beses sa pagkanta ninyo. Ipagpatuloy sa bawat grupo at bawat karagdagang parirala (gamitin ang sumusunod na mga larawan: group 2, ASE 108; group 3, ASE 57; group 4, ASE 56). Kantahin ang unang buong talata sa bawat grupong nakatayo, na hawak ang kanilang larawan, at kinakanta ang kanilang

bahagi. Anyayahan ang mga grupo na magpalitan ng mga larawan, at muling kantahin ang awitin. Ulitin hanggang sa makanta ng bawat grupo ang bawat parirala. Kantahin ang koro, at hilingin sa mga bata na pakinggan kung ilang beses ninyo kakantahin ang salitang “kahanga-hanga.” Ulitin sa kanila nang ilang beses ang koro, at ipapatong ang kanilang kamay sa ibabaw ng kanilang puso tuwing kakantahin nila ang salitang “kahanga-hanga.”



Abril: “Pamilya’y sa Diyos” (mga pahina 28–29 ng outline na ito)

Humanap o magdrowing ng mga larawang nagpapakita ng mga salita o parirala sa awitin (makukuha ang mga sample picture sa sharingtime.lds.org). Isa-isang idisplay ang mga ito sa pisara habang kinakanta ninyo sa mga bata ang bawat parirala. Matapos mong maituro ang isang parirala, kantahin ang karamihan sa mga salita at tumigil pagkatapos at hayaang tapusin ng mga bata ang parirala. Sama-samang kantahin nang ilang beses ang buong kanta. Ipababa sa isang bata ang isa o dalawa sa mga larawan, at muling kantahin ang awitin. Ulitin hanggang sa makanta nila ito nang wala ang mga larawan.

Hulyo: “Pagbibinyag” (AAP, 54–55)

Ihanda ang sumusunod na mga wordstrip: *Sino*, *Kailan*, *Paano*, at *Saan*. Magdispley ng larawan ni Jesucristo na binibinyagan. Ilagay ang wordstrip na “Sino” sa tabi ng larawan. Hilangin sa mga bata na pakinggan kung kanino nagtungo si Jesus habang kinakanta ninyo ang unang linya ng awitin. Tumanggap ng mga sagot, at pagkatapos ay pasabayin ang mga bata sa pagkanta ninyo sa linyang iyon. Ga-


win din ito sa bawat wordstrip at parirala. Kantahin muna nang sabay-sabay ang buong talata. Bigyan ang bawat bata ng wordstrip na may isa sa mga sagot na natagpuan ninyo (si *Juan Bautista*, *noong araw*, sa *pamamagitan ng paglulubog*, at sa *Ilog Jordan*). Patayuin ang mga bata kapag kinanta ang kanilang mga salita. Hayaang magpalit sila ng mga wordstrip at ulitin ang aktibidad.



Magsanay: Para mabisang maituro ang isang awitin, dapat ay alam ninyo ito mismo. Magsanay sa tahanan para kapag nagturo kayo sa mga bata ay sa kanila kayo nakatingin at hindi sa inyong aklat.

Agosto: “Hanapin si Cristo Habang Bata” (AAP, 67)

Gumamit ng mga larawan para ituro ang awitin nang paisa-isang parirala (makukuha ang mga sample picture sa sharingtime.lds.org). Idispley sa pisara ang lahat ng larawan. Palabasin ng silid ang isang bata habang itinatago ng ibang tao ang isa sa mga larawan. Pabalikin ang bata at “ipahanap” ang larawan sa pamamagitan ng pakikinig sa pagkanta ng ibang mga bata nang mas malakas kapag napapalapit siya sa hinahanap at nang mas mahina kapag napapalayo siya rito. Ulitin kung may oras pa.



Karagdagang mga Awiting Ginamit sa Outline na Ito

“Si Jesus Ba ay Nagbangon” (AAP, 45)

Isulat sa pisara o sa malaking papel ang mga salita sa unang talata. Kantahin ang talata sa mga bata, at sandali itong talakayin. Kantahin ito nang sabay-sabay, at ipabura o ipaalis sa isang taong kumakanta nang mahusay ang isa sa mga salita. Ulitin hanggang sa matutuhan ng mga bata ang talata, at pagkatapos ay ulitin sa iba pang mga talata.

“Ako ay Mahal ng Ama sa Langit” (AAP, 16–17)

Ipapalakpak sa mga bata ang ritmo habang kinakanta ninyo ang awitin para tulungan silang maging pamilyar dito. Tulungan silang gumawa ng mga simpleng galaw na tugma sa mahahalagang salita sa awitin. Ipagawa sa mga bata ang mga galaw nang hindi kumakanta habang tumutugtog ang musika at pagkatapos ay kantahin at gawin nang sabay-sabay ang mga galaw. (Ang mga larawan na makakatulong sa inyong ituro ang awiting ito ay makukuha sa sharingtime.lds.org.)

“Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan” (AAP, 98)

Pamunuin at pakantahin ang mga bata na kasabay ninyo, na binibigyang-diin ang paulit-ulit na himig tulad ng “dito” at “nagmamahalan.” Magtanong ng mga simpleng bagay tulad ng, “Kailan tayo dapat maghanda para makapasok sa templo?” at pasagutin ang mga bata sa pagkanta ng mga parirala mula sa awitin. Gamit ang simpleng props, anyayahan

ang mga bata na kumatawan sa mga miyembro ng pamilya at mamuno sa mga grupo sa pagkanta ng partikular na mga parirala.

“Dito ay May Pag-ibig” (AAP, 102–3)

Itanong kung ano ang mga wikang ginagamit ng mga bata sa bahay. Kantahin ang unang talata ng awitin, at anyayahan ang mga bata na pakinggan ang karagdagang wika at ipatong ang kanilang kamay sa ibabaw ng kanilang puso kapag narinig nila ito (pag-ibig). Habang kumakanta kayo, sabihin sa kanila na pakinggan ang mga salitang magkakatatunog at mga salitang hindi nila maunawaan. Ipasulat sa pisara ang mga ito sa isang batang babae habang kinakanta ang unang talata at ang pangalawang talata naman sa isang batang lalaki. Ipaliwanag ang mga salita at kantahin ang mga pariralang iyon, at ipaulit sa mga bata.

“Sa Langit Ako’y Nanirahan” (*Liahona*, Oktubre 2010, loob ng pabalat sa likuran)

Hatiin sa apat na grupo ang mga bata at iatas ang isang parirala ng awitin sa bawat grupo. Bigyan ng papel ang bawat grupo, at pagdrowingin sila ng simpleng larawan tungkol sa kanilang parirala. Samasamang kantahin ang awitin gamit ang kanilang mga drowing bilang mga visual aid.



Pamilya'y sa D'yos

May galak ♩ = 76-88

Mga titik at himig:
Matthew Neeley

1. A - nak a - ko ng a - ting D'yos A - ma! I - kaw at ang i - ba'y mga a -
 2. Tung - ku - lin ng a - ma ang ma - mu - no, Sa a - nak s'ya ang da - pat na mag -
 3. Tung - ku - lin ng i - na'ng mag - a - ru - ga, Sa a - nak s'ya ang da - pat ma - nga -
 4. A - king pa - mil - ya'y pag - li - ling - ku - ran I - pa - pa - ki - ta'y ta - mang ha - lim -

nak N'ya. Ta - yong la - hat di - to'y 'pi - na - da - la, Nang
 tu - ro. Mag - da - ra - sal u - pang i - pa - da - ma Na
 la - ga. Kan - yang i - tu - tu - ro sa ka - ni - la, Na
 ba - wa. Ka - pag a - ko ay na - ging ma - gu - lang, A -

ma - tu - to sa pa - mil - ya.
 D'yos A - ma'y ma - hal ni - la.
 ma - ha - lin ang pa - mil - ya. D'yos ta - yo'y
 king i - pa - pa - a - la - la:

© 2008 ni Matthew Neeley. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
 Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
 Ang paalalang ito ay dapat isama sa bawat kopyang gagawin.

C⁷ F B^b F G⁷ C⁷

bi - nig - yan ng pa - mil - ya nang S'ya ay ma - tu - la - ran—

F B^b C⁷ Dm B^b Gm

Ang pag - i - big N'ya'y ta - os, da - hil pa - mil -

F C⁷ 1. 2. 3. F B^b F C⁷

ya'y sa D'yos.

4. F B^b F B^b F

D'yos.



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG



10940 893